Mga Karapatan ng Magulang
Paunawa sa mga Pananggalang na Pamamaraan ng Maryland

Maryland State Department of Education
(Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland)
Division of Special Education/Early Intervention Services
(Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan)
Disyembre 31, 2008

Maryland State Department of Education
(Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland)
Division of Special Education/Early Intervention Services
(Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/
Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan)

200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201
410-767-0858 (telepono)
410-333-1571(fax)
http://marylandpublicschools.org

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga tanong na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pagtiyak ng Katarungan at Pagsunod (Equity Assurance and Compliance Branch, Boses (410) 767-0433, o Fax (410) 767-0431. Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act [ADA], at dokumentong ito ay makukuha sa mga panghalinghing anyo, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Dibisyong ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Division of Special Education/Early Intervention Services), Kagawaran Edukasyon ng Estado ng Maryland sa boses (410) 767-0858 o Fax (410) 333-1571.

Ang dokumentong ito ay binuo at ginawa ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, IDEA Bahagi B Gawad #HO27A040035A, na pinopondohan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos (U.S. Department of Education), Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyong Pagbabagong-tatag (Office of Special Education and Rehabilitative Services). Ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maaagap na Pamamagitan ay tumatanggap ng pondo mula sa Tanggapan ng mga Programang Espesyal na Edukasyon (Office of Special Education. Programs), Tanggapan ng Espesyal na Edukasyon at mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Ang impormasyong ito ay walang kopirayt. Ang mga mambabasa ay hinihimok na kopyahin at ibahagi ito, subalit mangyaring ipagbigay-alam na ito ay galing sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland.

Binago Disyembre 23, 2008
May Bisa Disyembre 31, 2008

Talaan ng mga Nilalaman

Mga Pananggalang na Pamamaraan ***1***

Katutubong Wika ***1***

Elektronikong Koreo ***1***

Paunang Sulat na Paunawa ***2***

Paunawa 2
Nilalaman ng Sulat na Paunawa 2

Pahintulot ***2***

Espesyal na Patakaran para sa Unang Pagsusuri sa mga Alaga ng Estado 3
Pahintulot ng Magulang para sa Serbisyo 3
Pag-urong ng Magulang sa Kanyang Pahintulot para sa Serbisyo 3
Pahintulot ng Magulang para sa Panibagong Pagsusuri 4
Dokumentasyon ng Makatwirang Pagsisikap upang Makuha ang Pahintulot ng Magulang 4
Iba pang Pangangailangan ng Pahintulot 4

Malayang Pagsusuring Pang-Edukasyon ***5***

Mga Pagpapakahulugan 5
Pamantayan ng Pampublikong Ahensiya 5
Ang Karapatan ng Magulang sa Pagsusuri na Bayad ng Publiko 5
Pagsusuring Pinasimulan ng Magulang 6
Paghiling ng Pagsusuri ng isang Hukom sa Batas sa Pangangasiwa (ALJ) 6

Paglihim ng Impormasyon ***6***

Mga Pagpapakahulugan 6
Mga Pananggalang 6
Pahintulot 7
Mga Karapatan Ukol sa Daan sa Paggamit 7
Talaan ng Daan sa Paggamit 8
Pagbabago ng mga Talaan sa Kahilingan ng Magulang 8
Mga Pamamaraan Para sa Pagsira ng Impormasyon 8
Mga Karapatan ng Bata 9
Impormasyong Pandisiplina 9

Disiplina ng mga Batang may Kapansanan ***9***

Mga Pagpapakahulugan 9
Kapangyarihan ng mga Tauhan ng Paaralan 9
Pag-alam ng Pagpapahayag 10
Pagpapalit ng Kinalalagyan 10
Pangsamantalang Panghalinghing Tagpuan Pang-edukasyon 11
Apela sa Kilos ng Pagdisiplina 11
Ang Batang Hindi Pa Ipinapasyang Karapat-dapat 11
Pagrekomenda sa Kilos ng mga may Katungkulan sa Pagpapatupad ng Batas at sa may Katungkulan sa Panghukuman 12

Kusang Paglalagay ng Magulang sa Anak sa Pribadong Paaralan na Bayad ng Publiko.12

Paglipat ng mga Karapatan ng Magulang sa Edad ng Mayoriya ***13***

Paglutas ng mga Di-Pagkakasundo *14*
Pamamagitan **14**
Pulong Upang Himukin ang Pamamagitan 15
Pagkakaiba ng Reklamo sa Estado at Reklamo sa Angkop na Pamamaraan **15**
Reklamo sa Estado **15**
Paglutas ng Isang Reklamo sa Estado 16
Paglutas ng Isang Reklamo sa Estado na Angkop sa Pamamaraang Pagdinig 16
Reklamo sa Angkop na Pamamaraan **17**
Nilalaman ng Reklamo sa Angkop na Pamamaraan 17
Kasagutan sa Reklamong Angkop na Pamamaraan 17
Kasapatan ng Paunawa 18
Katayuan ng Bata sa Panahon ng Pagsasakdal 18
Pamamaraan ng Paglutas 18
Pagsasaayos sa 30 Kalendaryong Araw na Panahon ng Pagpapasya 19
Pagdinig sa Angkop na Pamamaraan 20
Paksa ng Reklamo sa Angkop na Pamamaraan 20
Mga Karapatan sa Pagdinig 20
Karagdagang Alintuntunin sa Pagbibigay ng Impormasyon 21
Karapatan ng Magulang 21
Kapasyahan sa Pagdinig 21
Hiwalay na Reklamo sa Angkop na Pamamaraan 21
Mga Takdang Panahon at Kaluwagan ng Pagdinig 21
Pagpapabilis sa mga Nakatakdang Panahon 22
Pangwakas na Kapasyahan ng Pagdinig 22
Paghahabol **22**

Mga Bayad sa Abugado *23*

Kalakip *25*

Mga Pananggalang na Pamamaraan

Ang paunawa para sa mga pananggalang na pamamaraan ay kinabibilangan ng kabuuang pagpapaliwanag ng inyong karapatan sa madaling maintindihang pagsasalaysay at gawa sa inyong katutubong wika.

Ang mga proteksiyon na kasama sa dokumentong ito ay itinatag ng Batas ng 2004 sa Pagpapabuti ng Edukasyon sa mg Indibidwal na may mga Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Improvement Act of 2004 (IDEA 2004), 20 U.S.C. §1400 et seq., at COMAR 13A.05.01.01-.16 at COMAR 13A.08.03 na nagpapatupad ng IDEA 2004. Ang bawat pampublikong ahensiya ay dapat magtatag, magpanatili, at magpatupad ng mga pananggalang na pamamaraan na tutugon sa mga iniatas ng IDEA 2004. Ang isang kopya ng mga pananggalang na pamamaraan ay dapat matanggap ng mga magulang minsan sa isang taon, maliban lamang kung ang pampublikong ahensiya ay kailangang magbigay ng isa pang kopya ng dokumento sa mga kadahilanang ito:

- Sa unang pagsangguni o paghiling ng magulang para sa pagsusuri;
- Sa pagkatanggap sa unang paghaharap sa Estado ng reklamo na nauukol sa espesyal na edukasyon sa ilalim ng 34 CFR300.151 hanggang 300.153 sa taong pasukan;
- Sa pagtanggap sa unang reklamong angkop na pamamaraan sa ilalim ng 34 C.F.R. §300.507 sa taong pasukan;
- Kapag mayroong ginawang kapasyahan na nagpapataw ng pagkilos sa disiplina; at
- Sa paghiling ng isang magulang

Ang isang pampublikong ahensiya ay maaaring maglagay ng pinakabagong kopya ng paunawa sa mga pananggalang na pamamaraan sa kanilang internet website kung mayroon sila nito.

Ang dokumento sa mga pananggalang na pamamaraan ay naglalaman ng kabuuang paliwanag sa mga karapatan ng magulang, madaling maintindihan at ito ay nakasulat sa katutubong wika ng mga magulang, maliban lamang kung ito ay maliwanag na hindi maaaring gawin. Kung ang katutubong wika o ibang paraan ng komunikasyon ng mga magulang ay hindi nakasulat na wika, ang pampublikong ahensiya ang siyang gagawa ng paraan upang matiyak na ang mga pananggalang na pamamaraan ay naisalin sa paraang binibigkas o sa ibang paraan na nasa katutubong wika ng mga magulang o ibang paraan ng komunikasyon. Ang pampublikong ahensiya ay bahalang magtago ng ebidensiyang kasulatan na nagpapakita na ang paunawa ay naisalin at naintindihan ng mga magulang ang isinasaad ng mga pananggalang na pamamaraan.

Katutubong Wika

May karapatan ang mga magulang na tumanggap ng impormasyon sa wikang kanilang naiintindihan.

Ang ibig sabihin ng katutubong wika ay, kapag ito ay ginamit sa isang indibidwal na may kakulangan sa pang-unawa sa Ingles:

- Ang wika na kadalasang ginagamit noong tao, o kapag ito ay bata, ang wikang ginagamit ng mga magulang ng bata;

- Sa lahat ng direktang pakikihalubilo sa bata (kasama na dito ang pagsusuri sa bata), ang wikang kadalasang ginagamit ng bata sa tahanan o lugar na kanyang ginagalawan.

Para sa taong bingi o bulag, o sa taong hindi makapagsulat, ang pamamaraan ng komunikasyon ay ang normal nitong ginagamit (katulad ng galaw ng katawan (sign language), Braille, o pananalita).

Elektronikong Koreo

Maaring piliin ng mga magulang ang pagtanggap ng paunawa sa pamamagitan ng elektronikong koreo kung ang pamamaraang ito ay maaaring gamitin.

Kapag ang pampublikong ahensiya ay nag-alok sa mga magulang na tumanggap ng dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari ninyong matanggap ang mga sumusunod:

- Paunang sulat ng paunawa
- Paunawa sa mga pananggalang na pamamaraan; **at**
- Paunawang may kinalaman sa angkop na pamamaraan.

Paunang Sulat na Paunawa

May karapatan ang mga magulang na tumanggap ng impormasyong nakasulat tungkol sa pagkilos ng pampublikong ahensiya na tumutukoy sa espesyal na edukasyon para sa kanilang anak.

Paunawa

Kailangang magbigay ang isang pampublikong ahensiya ng sulat ng paunawa sa mga magulang sa tuwing ito ay:

- Magmumungkahing umpisahan o baguhin and anyo, pagsusuri, programang pang-edukasyon, o paglalagay sa edukasyon ng isang bata o probisyon ng isang nauukol at walang bayad na wastong pampublikong edukasyon (FAPE) para sa bata; o
- Tumanggi itong mag-umpisa o magbago ng kaanyuhan, pagsusuri, programang pang-edukasyon, o pagtangkilik sa bata o ang probisyon ng FAPE sa bata.

Kapag ang nakasulat na paunawa ay tumutukoy sa pagkilos na nangangailangan ng pahintulot ng magulang, maaaring magbigay ang pampublikong ahensiya ng kasabay na sulat na paunawa.

Nilalaman ng Sulat na Paunawa

Ang sulat na paunawa ay kailangang:

- Naglalarawan ng mga pagkilos na iminungkahi o tinaggihan ng pampublikong ahensiya;
- Nagpapaliwanag kung bakit ang pampublikong ahensiya ay nagmumungkahi o tumatangging gawin ang (mga) pagkilos;
- Naglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, iksamen, talaan, o ulat na ginamit ng pampublikong ahensiya bilang batayan ng iminumungkahi o tinanggihang (mga) pagkilos;
- May pahayag na ang mga magulang ay nagtataglay ng pangangalaga sa ilalim ng mga pananggalang na pamamaraan kapag ang pagkilos na iminumungkahi o tinatanggihan ng pampublikong ahensiya ay hindi ito pang-unang dulog sa pagsusuri;
- Naglalaman ng mga tagatulong (resources) na matatawagan ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa ng mga probisyon ng IDEA;
- Naglalarawan ng anupamang napagpilian ng pangkat ng Programang Edukasyong Ibinabagay (IEP) para sa bata at mga dahilan kung bakit ang mga ito ay tinanggihan; at
- Magbigay ng paglalarawan ng iba pang katwiran kung bakit iminungkahi ang tinanggihang pagkilos ng pampublikong ahensiya.

Pahintulot

Ang isang pampublikong ahensiya ay dapat kumuha ng pahintulot ng magulang na suriin ang bata para sa espesyal na edukasyon at iba pang kaugnay na serbisyo bago bigyan ang bata ng espesyal na edukasyon at kaukulang serbisyo. May karapatan ang mga magulang na bawiin ang pahintulot. Mayroong ibang hindi kasali sa pahintulot sa pagsusuri.

Ang pahintulot ay nangangahulugan na ang mga magulang ay:

- Lubos na binigyan ng lahat ng impormasyon na may kinalaman sa gawain na pinag-uukulan ng hinihinging pahintulot, sa katutubong wika ng mga magulang o ibang paraan ng komunikasyon;
- Naiintindihan at sumasang-ayon sa sulat sa pagsasakatuparan ng gawain sa hininging pinag-uukulan ng pahintulot at ang pahintulot ay naglalarawan ng gawain at naglilista ng mga tala (kung mayroon) na ilalabas at kung para kanino; at
- Naiintindihan na ang paggawad ng pahintulot ay kusang-loob sa bahagi ng mga magulang at maaaring pawalang-bisa anumang oras.

Kung pawalan ng saysay ng magulang ang pahintulot, ang pagpapawalang-saysay ay hindi retroaktibo (hindi na nito aalisin ng kabuluhan pagkilos na nagyari pagkatapos ibigay ang pahintulot at bago pawalang-saysay ang pahintulot).

Kapag inurong ng magulang ang pahintulot, sa pamamagitan ng pagsulat, para sa kanilang anak na makatanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, hindi kinakailangan ng pampublikong ahensiya na baguhin ang talaang pag-edukasyon ng bata upang alisin ang pagtukoy sa pagtanggap ng bata ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo dahil sa pagbawi ng pahintulot.

Pahintulot ng Magulang sa Pinakaunang Pagsusuri

Bago makapagbigay ang isang pampublikong ahensiya ng pang-unang pagsusuri sa isang bata upang malaman kung ang bata ay may karapatan para sa espesyal na edukasyon at iba pang serbisyo, ang pampublikong ahensiya ay kailangang:

- Magbigay sa mga magulang ng isang paunang nakasulat na paunawa sa iminumungkahing pagkilos; at
- Kumuha ng pahintulot sa magulang

Ang pahintulot ng magulang para sa unang pagsusuri ay hindi nangangahulugan na ibinibigay din ng magulang ang pahintulot nito sa pampublikong ahensiya na magsimulang magbigay ng espesyal na edukasyon at kaukulang serbisyo sa kanilang anak.

Espesyal na Patakaran para sa Unang Pagsusuri sa mga Alaga ng Estado

Kung ang bata ay isang alaga ng Estado at hindi nakatira sa magulang, ang pampublikong ahensiya ay hindi na mangangailangan ng pahintulot sa magulang para sa unang pagsusuri upang ipasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan kung:

- Sa kabila ng makatuwirang pagsisikap na gawin ito, hindi malaman ng pampublikong ahensiya kung nasaan ang magulang ng bata;
- Ang karapatan ng mga magulang ng bata ay tinapos alinsunod sa batas ng Estado; o
- Ang mga karapatan ng magulang na gumawa ng mga pagpapasya sa edukasyon ay kinuha ng isang hukoman alinsunod sa batas ng Estado at ang pahintulot para sa unang pagsusuri ay ibinigay ng isang indibidwal na itinalaga ng hukoman upang katawanin ang bata.

Pahintulot ng Magulang para sa Serbisyo

Ang isang pampublikong ahensiya ay dapat magpakita ng makatuwirang pagsisikap na makakuha ng kaukulang pahintulot sa unang pagkakataon bago ito magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa isang batang may kapansanan.

Ang pampublikong ahensiya ay **hindi dapat** gumamit ng mga pamamaraan ng pamamagitan o angkop na pamamaraan ng pagdinig upang makakuha ang pagsang-ayon o kapasyahan na ang iminungkahing espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ng pangkat ng IEP para sa bata ay maaaring ibigay sa bata na walang pahintulot ang mga magulang kung ang mga magulang ay:

- Tumangging magbigay ng pahintulot para sa kanilang anak na tumanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo; o
- Hindi sumagot, sa unang pagkakataon, sa kahilingan na magbigay ng pahintulot para sa pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo.

Kung ang magulang ay hindi magbigay ng pahintulot na tumanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon, o kapag ang mga magulang ay hindi tumutugon sa hinihinging pahintulot, ang pampublikong ahensiya ay:

- Hindi lumalabag sa mga pangangailangang makapagbigay ng walang bayad at angkop na pampublikong edukasyon (FAPE) na nakalaan sa kanilang anak; **at**
- Hindi kailangang magkaroon ng pulong para sa Programang Edukasyong Ibinabagay (IEP) o lumikha ng IEP para sa kanilang anak.

Pag-urong ng Magulang sa Kanyang Pahintulot para sa Serbisyo

Kapag inurong ng magulang mga ang kanilang pagpapahintulot, sa pamamagitan ng kasulatan, sa patuloy na probisyon ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo sa anumang oras matapos maumpisahan ng ahensiya ang pang-unang probisyon sa nasabing espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensiya ay:

- Hindi nangangailangang baguhin ang talaan ng edukasyon ng bata para lamang alisin ang anumang pagtukoy sa pagkatanggap ng bata ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo dahil sa pagbawi ng pahintulot;

- Maaaring hindi ipagpatuloy ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo sa bata, subalit kailangang mabigyan ang mga magulang ng abisong kasulatan na nagpapatigil ng lahat ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo, bago ihinto ang probisyong ito;

- Maaaring hindi gumamit ng pamamagitan o angkop na pamamaraan sa pagkuha ng kasunduan o kapasyahan na ang mga serbisyo ay maaaring ibigay sa bata;

- Hindi ito itinuturing na paglabag sa pangangailangang sakop ng FAPE na maibigay sa bata dahil sa kabiguang mabigyan ang bata ng patuloy na espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo; at

- Hindi nito kailangang tumawag ng pulong ng pangkat ng IEP o gumawa ng IEP para sa karagdagang probisyon sa espeyal na edukasyon at kaugnay sa serbisyo para sa bata.

Ang pag-urong ng pahintulot ay hindi nangangahulugang pagbura sa aksyon na nangyari sa panahong namagitan mula sa pagkatanggap ng pampublikong ahensiya ng pahintulot at bago inurong ito.

Pahintulot ng Magulang para sa Panibagong Pagsusuri

Ang pampublikong ahensiya ay dapat magtangkang kumuha ng may-kaalamang pahintulot ng magulang bago muling tasahin ang bata, maliban lamang kung ang pampublikong ahensiya ay makapagpakita na:

- Ito ay gumawa ng mga makatwirang hakbang upang kunin ang pahintulot ng magulang para sa panibagong pagsusuri; **at**
- Ang mga magulang ay hindi sumagot.

Kapang ang mga magulang ay tumanggi sa panibagong pagsusuri, ang pampublikong ahensiya ay maaari, ngunit hindi ito obligado, na baliwalahin ang pagtanggi ng magulang sa pamamaraang pamamagitan at mga proseso na angkop sa pamamaraan. Katulad sa unang pagsusuri, ang pampublikong ahensiya ay walang nilalabag na obligasyon sa ilalim ng IDEA kapag tumanggi itong gawin ang mga panibagong pagsusuri.

Dokumentasyon ng Makatwirang Pagsisikap upang Makuha ang Pahintulot ng Magulang

Ang isang pampublikong ahensiya ay dapat magpanatili ang isang talaan ng mga pagtatangka ng ahensiya na kunin ang pahintulot ng magulang para sa unang pagsusuri, upang makapagbigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay nitong mga serbisyo sa unang pagkakataon, panibagong pagsusuri, at upang hanapin ang mga magulang ng mga alaga ng Estado para sa paunang pagsusuri.

Ang kailangang maisama sa dokumentasyon ay ang talaan ng mga pagtatangka ng pampublikong ahensiya na kumuha ng pahintulot sa magulang, katulad ng:

- Detalyadong talaan ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na ito;
- Ang mga kopya ng mga liham na ipinadala sa mga magulang at anumang sagot na natanggap; **at**
- Detalyadong talaan ng mga pagbisita na ginawa sa bahay ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga resulta ng mga pagbisita

Iba pang Pangangailangan ng Pahintulot

Ang pahintulot ng magulang ay **hindi** kailangan kapag ang pampublikong ahensiya ay:

- Nagsasagawa ng pagrepaso sa kasalukuyang impormasyon bilang bahagi ng pagtasa o panibagong pagtasa sa inyong anak; **o**

- Nagbigay ng pagsusulit sa inyong anak o iba pang pagtasa na ibinibigay din sa lahat ng mga bata, maliban lamang kung bago mag-umpisa ang pagsusulit o pagtasa, mangangailangan ito ng pahintulot sa lahat ng mga magulang ng lahat ng mga bata.

Hindi maaaring gamitin ng isang pampublikong ahensiya ang pagtanggi ng magulang na pumayag sa isang serbisyo o gawain upang pagkaitan ang mga magulang o ang bata ng anumang ibang serbisyo, benepisyo, o gawain.

Kapag ang bata ay ipinasok ng magulang sa isang pribadong paaralan sa sarili nilang gastos, maaaring hindi gamitin ng pampublikong ahensiya ang pamamaraang pamamagitan o proseso ng angkop na pamamaraan upang alamin ang karapatan ng bata at hindi kailangan na ang bata ay may karapatang tumanggap ng pantay na serbisyo kapag:

- Ang magulang ay hindi nagbigay ng pahintulot para sa unang pagtasa o panibagong pagtasa sa kanilang anak.
- Ang mga magulang ay walang sagot sa hinihinging pahintulot.

Malayang Pagsusuring Pang-Edukasyon

Kapag ang isang magulang ay hindi sumasang-ayong sa pagsusuring natapos ng isang pampublikong ahensiya, may karapatan ang magulang na ipasuri ang anak sa isang taong hindi nagtatrabaho para sa isang pampublikong ahensiya.

Mga Pagpapakahulugan

- Ang malayang pagtasa sa edukasyon ay nangangahulugan na ang pagsusulit at pamamaraan ng pagsusuri na ginawa ng isang tauhang may kakayahan at hindi ito tauhan ng pampublikong ahensiya na may pananagutan sa edukasyon ng bata.

- Ang gastos ng publiko ay nangangahulugan na ang pampublikong ahensiya ay maaaring magbayad ng kabuuang halaga ng pagsusuri o tinitiyak na ang pagsusuri ay ibinibigay na walang bayad sa magulang.

May karapatan ang mga magulang na kumuha ng malayang pagsusuri sa edukasyon ng kanilang anak sa ilalim ng IDEA alinsunod sa mga pamamaraang binanggit sa ibaba. Dapat bigyan ng pampublikong ahensiya ang mga magulang, kapag humingi ng malayang pagsusuri sa edukasyon, ng impormasyon tungkol sa:

- Kung saan makakakuha ng malayang pagsusuri ng edukasyon; **at**
- Pamantayan ng pampublikong ahensiya na angkop sa isang malayang pagsusuri sa edukasyon.

Pamantayan ng Pampublikong Ahensiya

Kapag ang malayang pagsusuri sa edukasyon ay bayad ng publiko, ang pamantayan na kung saan kinuha ang malayang pagsusuri sa edukasyon, kasama na rito kung saang lugar ng pagsusuri at kakayahan ng tagasuri, ay kailangang kapareho ng pamantayan na ginagamit ng isang pampublikong ahensiya kapag ito ay nagpapasimula ng pagsusuri, sa pamamaraan na ang pamantayan na ito ay sang-ayon sa karapatan ng magulang sa isang malayang pagsusuri sa edukasyon. Maliban sa pamantayang binanggit sa taas, ang isang pampublikong ahensiya ay hindi maaaring magpataw ng mga kondisyon o takdang panahon na may kaugnayan sa pagkuha ng malayang pagsusuri sa edukasyon na bayad ng publiko.

Ang Karapatan ng Magulang sa Pagsusuri na Bayad ng Publiko

Ang mga magulang ay may karapatan sa isang malayang pagsusuri sa edukasyon na bayad ng publiko kung ang mga magulang ay hindi sumasang-ayon sa pagsusuring nakuha sa pampublikong ahensiya. Kung ang mga magulang ay humiling ng isang malayang pagsusuri sa edukasyon na bayad ng publiko, ang pampublikong ahensiya ay dapat, nang walang di-kailangang pagkaantala, na:

- Magpasimula ng angkop na pamamaraan sa pagdinig upang ipakita na ang pagsusuri nito ay angkop;
- Tiyakin na ang isang malayang pagsusuri sa edukasyong ipinagkaloob na bayad ng publiko, maliban kung ang pampublikong ahensiya ay nagpakita sa isang pagdinig sa angkop na pamamaraan na ang pagsusuring nakuha ng mga magulang ay hindi nakakatugon sa pamantayan ng pampublikong ahensiya.

Kung ang pampublikong ahensiya ay nagpasimula ng isang pagdinig sa angkop na pamamaraan at ang pangwakas na kapasyahan ay nagsasabi na ang pagsusuri ay naangkop sa pagsusuri ng ahensiya, ang mga magulang ay may karapatan pa rin sa malayang pagsusuri sa edukasyon, ngunit hindi sa gastos ng publiko.

Kung ang mga magulang ay humiling ng isang malayang pagsusuri sa edukasyon, ang isang pampublikong ahensiya ay maaaring magtanong sa mga magulang kung bakit ang mga magulang ay sumasalungat sa pampublikong pagsusuri. Gayunman, ang paliwanag ng magulang ay hindi kailangan at ang pampublikong ahensiya ay hindi maaaring walang-katwirang antalahin ang pagkakaloob ng malayang pagsusuri sa edukasyon na bayad ng publiko o pagsisimula ng angkop na pamamaraan ng pagdinig upang ipagtanggol ang pagsusuri ng pampublikang ahensiya.

Pagsusuring Pinasimulan ng Magulang

Ang mga magulang ay laging may karapatang kumuha ng isang malayang pagsusuri sa edukasyon mula sa mga may kakayahang propesyonal na gusto nila, sa kanilang sariling gastos. Ang pangkat ng IEP ay dapat isaalang-alang ang impormasyon mula sa pagsusuring pinasimulan ng magulang sa pribadong gastos, kung ito ay nakakatugon sa pamantayan ng pampublikong ahensiya, kapag gumagawa ng anumang mga desisyon na may kinalaman sa probisyon ng FAPE sa bata. Ang mga resulta ng pribadong pagsusuri na pinasimulan ng magulang ay maaari ring iharap bilang ebidensiya sa isang angkop na paraan ng pagdinig tungkol sa bata.

Paghiling ng Pagsusuri ng isang Hukom sa Batas sa Pangangasiwa (ALJ)

Kung ang Hukom sa Batas sa Pangangasiwa (Administrative Law Judge [ALJ]) sa Tanggapan ng mga Pagdinig na Pampangasiwaan (Office of Administrative Hearings (OAH) ay humiling ng malayang pagsusuri sa edukasyon bilang bahagi ng isang angkop na paraan ng pagdinig, ang halaga ng pagsusuri ay dapat na bayaran ng publiko.

Paglihim ng Impormasyon

May karapatan ang mga magulang na repasuhin ang talaan ng kanilang anak at hingin sa pampublikong ahensiya na ituwid ang talaang ito kung sa palagay nila ay hindi ito tama. May karapatan ang mga magulang na pumayag sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kanilang anak, subalit pagbibigay ng pahintulot ay hindi kailangan sa ilang mga pangyayari. May karapatan ang mga magulang na umasa sa pampublikong ahensiya na ipaglihim ang talaan ng edukasyon ng kanilang anak at hingin sa pampublikong ahensiya na sirain ang talaan ng impormasyong sa edukasyon ng kanilang anak kapag hindi na ito kailangan.

Mga Pagpapakahulugan

Pagkasira ay nangangahulugang pisikal na pagkasira o pagtanggal ng mga personal na tagapagkilala mula sa impormasyon upang ang impormasyon ay hindi personal na makikilala.

Mga talaang pang-edukasyon ay nangangahulugan ng mga uri ng talaan na sakop sa ilalim ng pagbibigay-kahulugan ng "mga talaang pang-edukasyon" sa 34 CFR bahagi 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad ng Batas sa mg Karapatan at Pagiging Pribado na Pang-edukasyon ng Pamilya (Family Educational Rights and Privacy Act [FERPA] ng 1974).

Kalahok na ahensiya ay nangangahulugan ng anumang ahensiya o institusyon na nagtitipon, nagpapanatili, o gumagamit ng impormasyon na personal na makikilala, o mula kung saan nakuha ang impormasyon, sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Ang impormasyon na personal na makikilala ay kabilang ng:

- Pangalan ng bata, mga magulang ng bata, o ibang kasapi ng pamilya;
- Tirahan ng bata;
- Isang personal na tagapagpakilala, tulad ng numero ng seguridad sosyal ng bata; o
- Isang listahan ng mga personal na katangian o ibang impormasyon na gagawing posible na makilala ang bata na may makatwirang katiyakan.

Mga Pananggalang

Ang bawat kalahok na ahensiya ay dapat pangalagaan ang pagiging lihim sa personal na makikilalang impormasyon sa mga yugto ng pagtitipon, pag-iimbak, pagsisiwalat, at pagsira. Isang may katungkulan ng pampublikong ahensiya ang may pananagutan sa pangangalaga sa pagiging lihim sa personal na makikilalang impormasyon. Bilang karagdagan sa mga iniaatas ng mga pananggalang na pamamaraang ito, ang mga pederal at pang-Estadong batas at regulasyon ay namamahala rin sa proteksiyon ng mga talaang pang-edukasyon. Lahat ng tauhan ng pampublikong ahensiya na nagtitipon o gumagamit ng personal na makikilalang impormasyon ay dapat tumanggap ng pagsasanay tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng Estado sa pagiging lihim sa personal na makikilalang impormasyon. Ang bawat kalahok na ahensiya ay dapat magpanatili, para sa pampublikong inspeksiyon ng isang kasalukuyang listahan ng mga pangalan at katungkulan ng mga tauhan sa loob ng ahensiya na maaaring may daan sa paggamit ng personal na makikilalang impormasyon.

Pahintulot

Ang pahintulot ng magulang ay dapat makuha bago ang personal na makikilalang impormasyon ay isiwalat sa sinuman maliban sa mga katungkulan na mga kalahok na ahensiya na nagtitipon o gumagamit ng impormasyon sa ilalim ng IDEA, o para sa anumang ibang layunin sa pagtupad sa mga iniaatas ng pagkakaloob sa isang batang may kapansanan ng FAPE sa ilalim ing IDEA. Ang mga pagsisiwalat na hinarap sa pagrekomenda at pagkilos ng batas sa pagpapatupad at mga may kapangyarihan na panghukuman tungkol sa pag-uulat ng krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan ay hindi nag-aatas ng pahintulot ng magulang kung ang paghahatid ay ipinahihintulot ng FERPA.

Ang ahensiya o institusyong pang-edukasyon ay hindi maaaring maglabas ng impormasyon mula sa talaang pang-edukasyon sa mga kalahok na ahensiya nang walang pahintulot ang magulang maliban kung pinayagan na gawin ito sa ilalim ng FERPA. Ang MSDE ay bumuo ng mga patakaran at pamamaraan para sa mga pampublikong ahensiya, kabilang ang mga pagpapatibay, na ginagamit ng Estado upang matiyak na ang mga patakaran at pamamaraan nito ay sinusunod, at ang mga iniaatas para sa pagiging lihim nito, alinsunod sa IDEA at FERPA ay natutugunan.

Ang bawat pampublikong ahensiya ay inaatasan na magkaroon ng mga pamamaraan kung paano ang paunawa ay sapat na pinagkakaloob upang lubos na ipagbigay-alam sa mga magulang ang tungkol sa mga iniaatas na pagiging lihim sa personal na makikilalang impormasyon kabilang ang:

- Lawak ng paglalarawan sa paunawa na ibinigay sa mga katutubong wika ng ibat-ibang grupo ng populasyon sa Estado;
- Paglalarawan ng mga bata na ang personal na makikilalang impormasyon ay pinananatili, at ang mga uri ng impormasyon na hinahangad;
- Kabuuan ng mga patakaran at pamamaraan na dapat sundin ng mga kalahok na ahensiya tungkol sa pag-iimbak, pagsisiwalat sa mga ikatlong partido, pamamalagi, at pagsira ng personal na makikilalang impormasyon;
- Paglalarawan ng mga patakaran at pamamaraan na ginamit kung ang magulang ay tumangging magkaloob ng pahintulot; at
- Ang paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at bata tungkol sa impormasyong ito, kabilang ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at pagpapatupad ng mga regulasyon sa 34 C.F.R. §99.

Bago ang anumang malaking gawaing pagkilala, pagtukoy, o pagsusuri, ang paunawa ay dapat na ilathala o ipahayag sa mga diyaryo o ibang tagapagbalita, o pareho, na may sirkulasyong sapat upang pasabihan ang mga magulang sa buong saklaw ng gawain.

Mga Karapatan Ukol sa Daan sa Paggamit

Ang bawat pampublikong ahensiya ay dapat magpahintulot sa mga magulang ng isang batang may kapansanan na siyasatin at repasuhin ang anumang talaang pang-edukasyon na may kaugnayan sa bata na tinipon, pinananatili, o ginamit ng ahensiya tungkol sa pagkilala, pagsusuri, at paglalagay na pang-edukasyon ng bata, at ang pagkakaloob ng FAPE sa bata. Ang ahensiya ay dapat sumunod sa isang kahilingan na walang di-kailangang pagkaantala at bago ang anumang pulong tungkol sa IEP, o anumang angkop na pamamaraan ng pagdinig, at hindi lalampas ng 45 araw pagkaraang gawin ang kahilingan.

Ang karapatan ng magulang na siyasatin at repasuhin ang mga talaang pang-edukasyon sa ilalim ng seksiyong ito ay kabilang ang karapatan ng magulang sa:

- Isang sagot mula sa pampublikong ahensiya na mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at pagpapakahulugan ng mga talaan ;

- Kahilingan na ang pampublikong ahensiya ay magkaloob ng mga kopya ng mga talaan kung ang hindi pagkakaloob ng mga kopyang ito ay epektibong pipigil sa mga magulang na gamitin ang kanilang karapatan na siyasatin at repasuhin ang mga talaan ; at
- Ipasiyasat at iparepaso sa isang kinatawan ng mga magulang ang mga talaan.

Ang pampublikong ahensiya ay maaaring magpalagay na ang mga magulang ay may awtoridad na siyasatin at repasuhin ang mga talaan na may kaugnayan sa kanilang anak maliban kung ang pampublikong ahensiya ay pinayuhan na ang mga magulang na walang awtoridad sa ilalim ng angkop na batas ng Estado na namamahala sa mga naturang bagay na tulad ng pagiging tagapangalaga, paghihiwalay, at diborsiyo.

Talaan ng Daan sa Paggamit

Ang bawat pampublikong ahensiya ay dapat mag-ingat ng isang talaan ng mga indibidwal, na bukod sa mga magulang at pinapayagang tauhan ng pampublikong ahensiya, na kumukuha ng daan sa paggamit ng mga talaang pang-edukasyon na tinipon, pinananatili, o ginagamit sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kabilang ang pangalan ng indibidwal, ang petsang ginawa ang gagamit, at ang dahilan kung bakit ang indibidwal ay pinahintulutan na gumamit ng talaan. Kung ang anumang talaang pang-edukasyon ay kabilang ang impormasyon tungkol sa higit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang ito ay may karapatan na siyasatin at repasuhin ang impormasyon lamang na may kinalaman sa kanilang anak o upang bigyang-kaalaman ng impormasyong iyan. Ang bawat pampublikong ahensiya ay dapat magkaloob sa mga magulang , kapag hiniling, ng isang listahan ng mga uri at lugar ng mga talaang pang-edukasyon na tinipon, pinananatili, o ginagamit ng ahensiya. Ang bawat pampublikong ahensiya ay maaaring sumingil ng bayad para sa mga kopya ng mga talaang pang-edukasyon na ginawa para sa mga magulang kung ang bayad ay hindi epektibong nakakapigil sa mga magulang na gamitin ang kanilang karapatan na siyasatin at repasuhin ang mga talaang ito. Ang pampublikong ahensiya ay hindi maaaring sumingil ng bayad upang hanapin o kunin ang impormasyon mula sa mga talaang pang-edukasyon.

Pagbabago ng mga Talaan sa Kahilingan ng Magulang

Kung ang magulang ay naniniwala na ang impormasyon sa mga talaang pang-edukasyon na tinipon, pinanatili, o ginamit sa ilalim ng IDEA ay hindi tumpak o mapanligaw o lumalabag sa pagiging pribado o ibang mga karapatan ng bata, ang magulang ay maaaring humiling sa pampublikong ahensiya na nagpapanatili ng impormasyon, na baguhin ang impormasyon. Ang pampublikong ahensiya ay dapat magpasiya kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa kahilingan sa loob ng makatwirang panahon pagkatapos matanggap ang kahilingan. Kung ang pampublikong ahensiya ay magpasiyang tumangging baguhin ang impormasyon alinsunod sa kahilingan ng magulang, dapat nitong ipagbigay-alam sa mga magulang ang pagtanggi at sabihan ang mga magulang ng kanilang karapatan sa isang pagdinig upang tutulan ang impormasyon sa mga talaang pang-edukasyon. Ang isang pagdinig na isinagawa upang tutulan ang impormasyon sa mga talaang pang-edukasyon ay dapat isagawa alinsunod sa mga pamamaraan ng FERPA na matatagpuan sa 34 C.F.R. §99.22.

Ang pampublikong ahensiya ay dapat, kapag hiniling, na magkaloob sa magulang ng pagkakataon para sa isang pagdinig upang tutulan ang impormasyon sa mga talaang pang-edukasyon upang matiyak na ito ay hindi mali, mapanligaw, o isang paglabag sa pagiging pribado o ibang mga karapatan ng inyong anak. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang pampublikong ahensiya ay nagpasiya na ang impormasyon ay di-tumpak o mapanlinlang o isang paglabag sa pagiging pribado o ibang mga karapatan ng bata, dapat nitong baguhin ang impormasyon at ipagbigay-alam ng pampublikong ahensiya sa mga magulang sa isang liham. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang pampublikong ahensiya ay nagpasiya na ang impormasyon ay hindi mali o mapanligaw o isang paglabag sa pagiging pribado o ibang mga karapatan ng bata, dapat nitong ipagbigay-alam sa mga magulang ang karapatan na ilagay sa mga talaan na pinananatili nito sa bata, ang isang pahayag na nagsasabi ng impormasyon o nakalagay ang anumang mga dahilan sa hindi pagsang-ayon sa desisyon ng pampublikong ahensiya. Anumang paliwanag na inilagay sa mga talaan ng bata ay dapat na :

- Panatilihin ng pampublikong ahensiya bilang bahagi ng mga talaan ng bata hanggang ang talaan o tinutulang bahagi ay pinamamalagi ng pampublikong ahensiya ; at
- Isiwalat ang paliwanag sa sinumang partidong humihingi ng kopya ng talaan ng bata o ng tinutulang bahagi nito.

Mga Pamamaraan Para sa Pagsira ng Impormasyon

Ang pampublikong ahensiya ay inaatasan na ipagbigay-alam sa mga magulang kapag ang personal na makikilalang impormasyon ay tinipon, pinananatili, o ginagamit sa ilalim ng IDEA ay hindi na kailangan upang magkaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon sa bata. Ang impormasyon ay dapat sirain sa kahilingan ng mga magulang. Gayunman, ang isang permanenteng talaan ng pangalan, tirahan, numbero ng telepono ng bata, ang mga marka ng bata, talaan ng pagdalo, mga klaseng dinaluhan, antas ng grado na natapos, at taong nakatapos ay maaaring pamalagiin nang walang limitasyon sa panahon.

Mga Karapatan ng Bata

Sa ilalim ng mga regulasyon para sa FERPA, ang mga karapatan ng magulang tungkol sa mga talaang pang-edukasyon ng kanilang anak ay inililipat sa anak sa sandaling makarating sa edad na 18, maliban kung ang kapansanan ng anak ay ginawang walang kakayahan ang bata sa ilalim ng batas ng Estado. Kung ang mga karapatang ibinibigay sa mga magulang sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA ay inilipat sa bata na nakarating sa edad ng mayoriya, ang mga karapatan tungkol sa mga talaang pang-edukasyon ay dapat ding ilipat sa bata. Gayunman, ang pampublikong ahensiya ay dapat magkaloob ng anumang paunawa na iniaatas sa ilalim ng IDEA. Mangyaring tingnan ang 'Paglipat ng mga Karapatan ng Magulang sa Edad ng Mayoriya' para sa higit na tiyak na impormasyon.

Impormasyong Pandisiplina

Ang pampublikong ahensiya ay maaaring magsama sa mga talaan ng isang batang may kapansanan ng isang pahayag ng anumang kasalukuyan o dating pagkilos sa pandisiplina na ginawa laban sa bata at ihatid na pahayag, katulad din ng pagsasama sa impormasyong disiplina, at paghahatid ng mga talaan ng mga batang walang kapansanan. Ang pahayag ay maaaring magsama ng isang paglalarawan ng anumang asal ng bata na nangailangan ng kilos sa disiplina, isang paglalarawan ng kilos sa disiplina na isinagawa, at anumang ibang impormasyonn na may kaugnayan sa kaligtasan ng bta at ibang mga indibidwal na may kaugnayan sa bata. Kung ang bata ay lumipat mula sa isang paaralan patungo sa iba, ang paghahatid ng anuman sa mga talaan ng bata ay kailangang kabilang pareho ang kasalukuyang IEP ng bata at anumang pahayag ng kasalukuyan o dating kilos sadisiplina na ginawa laban sa bata.

Disiplina ng mga Batang may Kapansanan

May karapatan ang mga magulang sa tiyak na pamamaraan at pagkalinga kung ang pampublikong ahensiya ay gumawa ng tiyak na pagkilos na pagdisiplina sa kanilang anak. Kailangang bigyan ng isang pampublikong ahensiya ang bata ng serbisyong pag-edukasyon kapag ang bata ay tinanggal ng mahigit sa 10 araw sa paaralan dahil sa paglabag sa alituntunin ng mga mag-aaral.

Mga Pagpapakahulugan

Para sa mga layunin ng bahaging ito, ang mga sumusunod na pagpapakahulugan ay angkop:

- Kinokontrol na substansiya ay nangangahulugang isang gamot o ibang substansiya na kinilala sa ilalim ng mga iskedyul I, II, III, IV, o V sa seksiyon 202(c) ng Batas sa mga Kinokontrol ng Substansiya (21 U.S.C. 812(c)).

- Ang bawal na gamot ay isang kinokontrol na substansiya, pero hindi kasama ang substansiya na angkin o nasa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensiyadong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan o angkin o ginagamit sa ilalim ng anumang ibang awtoridad sa ilalim ng IDEA o sa ilalim ng anumang ibang probisyon ng pederal na batas.

- Ang sandata ay may kahulugan na ibinigay sa katawagang "mapanganib na sandata" sa ilalim ng parapo (2) ng unang subseksiyon (g) ng seksiyon 930 ng titulo 18, Kodigo ng Estados Unidos.

- Ang seryosong pinsala sa katawan ay nangangahulugan ng pinsala sa katawan na may malaking panganib humantong sa kamatayan, sobrang sakit ng katawan, matagal at malinaw na pagkasira ng anyo, o matagal na pagkawala o kapansanan sa pagganap ng bahagi ng katawan, sangkap, o kakayahan ng isipan (18 USC 13645(h)(3)).

Kapangyarihan ng mga Tauhan ng Paaralan

Maaaring tanggalin ng mga tauhan ng paaralan ang isang bata na may kapansanan na lumabag sa alituntunin ng pagkilos na hindi lalampas sa 10 araw sa bawat paglabag ayon sa mga alituntunin sa pagdisiplina maliban kung ipinasya na ang pagtanggal ay bumubuo ng pagpapalit ng paglalagay mula sa kasalukuyang edukasyon at papunta sa:

- Pansamantalang alternatibong pamamaraan sa edukasyon;
- Panibagong kapaligiran; o
- Pagsuspende

Kapag ang mga pagtatanggal na ito (10 araw o mas mahaba pa sa isang pagkakataon) ay naipon ng hanggang 10 araw sa isang taon ng paaralan, ang pangkat ng IEP para sa bata ang magtatakda ng kabibilangan ng mg serbisyong kailangan upang ang inyong anak ay makasali sa pangkaraniwang kurikulum at patungo sa kanyang hangarin sa IEP.

Ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring isaalang-alang ang mga walang katulad na kalagayan sa pag-alam kung ang pagpapalit ng paglalagay ay angkop sa batang may kapansanan na lumabag sa alituntunin ng pagkilos.
Ang pagpapalit ng paglalagay ay kabilang ang pagtanggal sa higit sa 10 araw na magkasunod o isang serye ng mga pagtanggal na bumubuo ng isang gawi. Kapag ang kilos sa disiplina ay humangtung sa pagpapalit ng kinalalagyan, ang pampublikong ahensiya ay magbibigay ng paunawa sa araw ng pagbibigay ng kapasyahan ng pampublikong ahensiya at dapat kasama ang mga dokumento sa pananggalang na pamamaraan.

Pag-alam ng Pagpapahayag

Sa loob ng 10 araw ng paaralan pagkaraan ng anumang kapasyahan na palitan ang kinalalagyan dahil sa paglabag sa alituntunin ng pagkilos, ang magulang at ang pangkat ng IEP para sa bata ay dapat magrepaso ng lahat ng may-kaugnayang impormasyon sa talaan ng bata, kasama na dito ang kanyang IEP, anumang mga obserbasyon ng guro at anumang may-kaugnayang impormasyong ibinigay ng magulang, upang ipasya;

- Kung ang kilos ay sanhi ng, o may tuwiran at malaking kaugnayan sa kapansanan ng bata; o

- Kung ang kilos ay tuwirang resulta ng kabiguan ng pampublikong ahensiya na ipatupad ang IEP.

Kung ang pangkat ng IEP ay nagpasya na alinman sa mga pahayag sa itaas ay angkop, ang kilos ay dapat na ituring na pagpapahayag ng kapansanan ng bata.

Kung ang kilos ay pagpapahayag ng kapansanan ng bata, ang pangkat ng IEP ay dapat na:

- Magsagawa ng isang pagtasa ng pagganap na pang-asal at ipatupad ang planong pamamagitan sa asal para sa bata, kung hindi pa nagagawa ng pampublikong ahensiya;

- Repasuhin ang planong pamamagitan sa asal ng bata kung siya ay may ganoong planong pamamagitan sa asa at gawan ito ng pagbabago, kung kailangan upang harapin ang asal; at

- Ibalik ang bata sa kanyang kinalalagyan kung saan siya tinanggal, maliban lamang kung ang mga magulang at ang pampublikong ahensiya ay magkasundo sa pagpapalit ng kinalalagyan bilang bahagi ng pagbabago sa planong pamamagitan sa ugali ng bata, maliban lamang kung ang bata ay natanggal na sa pansamantalang alternatibong lugar ng edukasyon sa droga, sandata o malalang pinsala sa sarili.

Kung ang asal o kilos ay hindi pagpapahayag ng kapansanan ng bata, ang tauhan ng paaralan ay maaaring igawad ang disiplina sa bata na katulad sa ibang mga bata, maliban sa pagpapatuloy ng angkop na serbisyong pang-edukasyon.

Pagpapalit ng Kinalalagyan

Kapag ang isang bata ay tinanggal ng higit sa 10 araw na humantung sa pagpapalit ng kinalalagayan, ang kilos ay isang pagpapahayag man ng kapansanan o hindi, o kapag ang bata ay tinanggal sa pansamantalang panghaliling tagpuang pang-edukasyon (IAES) para sa mga droga, sandata o seryosong pinsala sa katawan, ang bata ay patuloy na tatanggap ng mga serbisyo upang bigyan ng kakayahan ang bata na patuloy na lumahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon bagaman sa ibang tagpuan at upang sumulong patungo sa pagtupad sa mga hangaring nakalagay sa kanyang IEP. Ang bata ay dapat ding tumanggap, gaya ng angkop ng pagtasa ng pagganap ng pang-asal at mga serbisyong pamamagitan sa asal at mga pagbabago na idinisenyo upang matugunan ang paglabag sa asal at ng ito ay hindi na muling maulit. Ang pangkat ng IEP ay nagpapasiya ng mga angkop na serbisyo at ng lokasyon kung saan ipagkakaloob ang mga serbisyo.

Pangsamantalang Panghalinghing Tagpuan Pang-edukasyon

Ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring magtanggal ng bata sa isang pansamantalang panghalinghing tagpuang Pang-edukasyon sa hanggang 45 araw ng paaralan nang hindi isinasaalang-alang ang kung ang asal o kilos ay ipinasiya na isang pagpapahayag ng kapansanan ng bata, sa mga kaso na ang bata:

- Ay nagdadala o nagtataglay ng sandata sa paaralan, sa paligid ng paaralan, o sa isang ginaganap ng paaralan sa ilalim ng saklaw ng Estado o lokal na pampublikong ahensiya;
- Sadyang nagdadala o gumagamit ng mga bawal na gamot, o nagbebenta o nag-aalok ng pagbebenta ng isang kinokontrol na substansiya, habang nasa paaralan, sa mga paligid ng paaralan, o sa isang ginaganap ng paaralan sa ilalim ng isang ahensiya ng Estado o pampublikong ahensiya; o
- Ay nagdulot ng seryosong pinsala sa katawan ng ibang tao habang nasa paaralan, sa mga paligid ng paaralan, o sa ginaganap ng paaralan sa ilalim ng saklaw ng isang ahensiya ng Estado at ahensiya ng lokal na pampublikong ahensiya.

Apela sa Kilos ng Pagdisiplina

Kapag ang mga magulang ay hindi sumang-ayon sa isang kapasyahan tungkol sa pagpapasiya ukol sa pagpapahayag o sa anumang kapasyahan tungkol sa paglalagay o mga dahilang pandisiplina, maaari silang humingi ng pandinig sa pamamagitan ng pagharap ng paunawa ng angkop ng pagdinig sa Tanggapan ng mga Pandinig ng Pampangasiwaan (OAH) at sa pampublikong ahensiya. Kapag ang pampublikong ahensiya ay naniniwala na ang pagpapanatili sa kasalukuyang paglalagay sa bata ay malamang na hahantung sa kapinsalaang ng bata o sa mga iba, ang pampublikong ahensiya ay maaaring magsampa ng reklamong angkop na pamamaraan sa OAH at sa mga magulang.

Ang angkop na pamamaraan ng pagdinig ay isasagawa ng Hukom sa Pampangasiwaang Batas (ALJ) kasunod ng mga pamamaraang inilarawan sa *Bahagi XIV, Paglutas ng mga Di-pagkakasundo.* Ang pagdinig ay dapat maganap sa loob ng 20 araw ng paaralan pagkaraan ng petsa ng pagdinig ng reklamong angkop na pamamaraan at dapat humantong sa pagpapasiya sa loob ng10 araw ng paaralan pagkaraan ng pagdinig.

Sa paggawa ng pagpapasiya sa isang apelang pandisiplina, ang ALJ ay maaaring :

- Ibalik ang bata sa kinalalagyan mula kung saan ang bata ay tinanggal ; o

- Mag-utos ng pagbabago sa kinalalagyan ng isang bata na may kapansanan sa isang angkop na IAES na tagpuan na hindi hihigit sa 45 araw ng paaralan kung ang ALJ ay nagpasya na ang pagpapanatili ng kasalukuyang kinalalagyan ng nasabing bata ay malamang na hahantung sa pinsala sa bata o sa ibang mga tao.

Kapag ang apela ay hiniling ng sinuman sa magulang o ng pampublikong ahensiya, ang bata ay mamamalagi sa IAES habang naghihintay sa kapasyahan ng ALJ o hanggang ang pagtatapos ng panahon (hindi lalampas sa 45 araw), alinman ang nauna, maliban kung ang mga magulang at tauhan ng paaralan ay magkasundo.

Ang Batang Hindi Pa Ipinapasyang Karapat-dapat

Ang mga batang hindi pa ipinapasiyang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon na gumawa ng kilos na lumabag sa anumang tuntunin o alituntunin ng pagkilos ay maaaring igiit ang alinman sa mga proteksiyong ipinagkakaloob, kung ang pampublikong ahensiya ay may kaalaman na ang bata ay may kapansanan bago nangyari ang pagkilos. Ang pampublikong ahensiya ay may kaalaman kung, bago nangyari ang pagkilos na humantong sa pagkilos sa disiplina:

- Ang magulang ay nagpahayag ng pag-aalala sa sulat sa tauhang nangangasiwa ng distrito, o sa isang guro ng bata, na ang bata ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo;
- Ang magulang ay humiling ng pagsusuri; o
- Ang guro ng bata o ibang mga tauhan ng paaralan ay nagpapahayag ng tiyak na pag-alala tungkol sa disenyo ng pagkilos na ipinakita ng bata, tuwiran sa direktor ng espesyal na edukasyon o ibang nangangasiwang tauhan ng pampublikong ahensiya.

Ang pampublikong ahensiya ay hindi itinuturing na may kaalaman kung:
- Ang mga magulang ay tumangging pahintulutan ang pampublikong ahensiyang suriin ang bata;

- Ang mga magulang ay tumangging pahintulutan ang pampublikong ahensiya sa mga serbisyong espesyal na edukasyon; o
- Ang bata ay sinuri at ipinasiya na hindi siya isang batang may kapansanan sa ilalim ng IDEA.

Kung ang pampublikong ahensiya ay walang kaalaman na ang bata ay may kapansanan bago gumawa ng pagkilos pandisiplina, ang bata ay maaaring isailalim sa katulad ng mga hakbang na pandisiplina sa isang batang walang mga kapansanan na gumawa ng katulad na mga pagkilos.

Kapag ang magulang ay humingi ng pagsusuri sa panahon na ang bata ay sumasailalim sa mga hakbang na pandisiplina, ang pagsusuri ay dapat pabilisin. Habang hinihintay ang mga resulta, ang bata ay mananatili sa paglalagay sa pang-edukasyon na ipinasiya ng mga may katungkulan ng paaralan. Kung, batay sa pagsusuri ng pampublikong ahensiya sa impormasyong ibinigay ng mga magulang, ang bata ay ipinasyang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon, ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo ay ipagkakaloob at lahat ng pananggalang na pamamaraan tungkol sa disiplina ay susundin.

Pagrekomenda sa Kilos ng mga may Katungkulan sa Pagpapatupad ng Batas at sa may Katungkulan sa Panghukuman

Hindi pinagbabawalan ng IDEA ang mga pampublikong ahensiya na i-ulat ang krimen sa mga kinauukulan at sa mga may kapangyarihan sa pagpapatupad ng batas. Ang mga may kapangyarihan sa pagpapatupad ng batas panghukuman ay maaaring gamitin ang kanilang responsibilidad sa paggamit ng pederal na batas at batas ng Estado sa mga krimen na ginawa ng isang bata. Alinmang ahensiya na nag-ulat ng krimen ay dapat magbigay ng mga kopya ng espesyal na edukasyon at mga talaan na pandisiplina sa mga angkop na kapangyarihan kung ipinahihintulot ng COMAR 13A.08.02, Mga Talaan ng Estudyante, na may pahintulot ng magulang, o alinsunod sa mga eksepsiyon sa pahintulot ng magulang na tinukoy sa patakaran.

Kusang Paglalagay ng Magulang sa Anak sa Pribadong Paaralan na Bayad ng Publiko

Ang IDEA ay hindi nag-aatas na ang pampublikong ahensiya ay magbayad ng gastos sa edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ng isang batang may kapansanan sa isang pribadong paaralan kung ang pampublikong ahensiya na iyan ay ginawang makakuha ng FAPE subalit pinili ng mga magulang na ilagay ang bata sa pribadong paaralan.

Ang IDEA ay hindi nag-aatas na ang pampublikong ahensiya ay magbayad ng gastos sa edukasyon, kabilang ang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ng isang batang may kapansanan sa isang pribadong paaralan kung ang pampublikong ahensiya na iyan ay ginawang makakuha ng FAPE subalit pinili ng mga magulang na ilagay ang bata sa pribadong paaralan. Gayunman, ang bata ay dapat ibilang ng pampublikong ahensiya sa populasyon ng mga batang inilagay ng kanilang mga magulang sa mga pribadong paaralan, alinsunod sa mga pederal na regulasyon. Ang mga di-pagkakasundo sa pagitan ng mga magulang at pampublikong ahensiya tungkol sa kung makukuha ang FAPE at ang pananagutang pananalapi ay napapailalim sa reklamong angkop na pamamaraan sa pagdinig sa ilalim ng IDEA. Mangyaring tingnan ang *Paglutas ng mga Di-Pagkakasundo* para sa mas tiyak na impormasyon.

Kung ang mga magulang ng isang batang may kapansanan, na dating tumatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng kapangyarihan ng isang pampublikong ahensiya, ay nagpatala ng anak sa isang pribadong paaralan, elementarya, o sekundaryong paaralan nang walang pahintulot o rekomendasyon ng pampublikong ahensiya, ang ALJ o isang hukuman, maaaring mag-atas sa pampublikong ahensiya na bayaran ang mga magulang para sa gastos ng pagpapatala kung ang ALJ o ang hukuman ay nagpasiya na ang pampublikong ahensiya ay hindi ginawa ang FAPE na makukuha ng bata sa isang napapanahong paraan bago ang pagpapatala, at ang pribadong paglalagay ay angkop. Ang paglalagay ng magulang ay maaaring ipasiyang angkop ng ALJ o hukuman kahit na ito ay hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado na ginagamit sa edukasyong ipinagkakaloob ng mga pampublikong ahensiya.

Limitasyon sa Pagbabayad

Ang pagbabayad ay maaaring bawasan o tanggihan ng ALJ o hukuman kung:

- Sa pinakahuling pulong ng pangkat ng IEP na dinaluhan ng mga magulang bago tinanggal ang anak sa pampublikong paaralan, hindi ipinagbigay-alam ng mga magulang sa pangkat ng IEP na tinatanggihan nila ang

paglalagay na iminungkahi ng pampublikong ahensiya upang magkaloob ng FAPE, kabilang ang paglalahad ng kanilang mga inaalala at ang kanilang hangarin na ipatala ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan sa gastos ng publiko; o

- Hindi kukulangin sa sampung (10) araw ng kalakal (kabilang ang anumang araw ng kalakal na naganap sa isang mahal na araw) bago tinanggal ng magulang ang bata sa pampublikong paaralan, ang mga magulang ay hindi nagbigay sa pampublikong ahensiya na nakasulat na paunawa ng kanilang hangarin na tanggalin ang anak, kabilang ang kanilang mga pag-alala tungkol sa pampublikong paglalagay sa anak; o

- Kung bago ang pagtanggal ng magulang sa anak mula sa pampublikong paaralan, ipinagbigay-alam ng pampublikong ahensiya sa mga magulang, sa pamamagitan ng naunang mga iniaatas na paunawa ng hangaring suriin ang bata (kabilang ang pahayag ng layunin ng pagsusuri na angkop at makatwiran), ngunit hindi ihinanda ng mga magulang ang anak para sa pagsusuri; o

- Pagkatapos ng pasiya ng hukuman ng kawalan ng katwiran ang mga pagkilos na ginawa ng mga magulang.

Sa kabila ng mga iniaatas sa paunawa na inilarawan sa itaas, ang halaga ng pagbabayad :

- Ay dapat bawasan o tanggihan para sa kabiguan ng mga magulang na magkaloob ng gayong paunawa, kung:
    - Pinigilan ng paaralan ang magulang na magkaloob ng paunawa,
    - Ang mga magulang ay hindi tumanggap ng paunawa, sa ilalim ng mga iniaatas na paunawa ng IDEA na inilarawan sa itaas,
    - Ang pagsunod sa paunawa gaya ng inilarawan sa itaas ay malamang na magbunga ng pinsala sa katawan o seryosong pinsala sa damdamin ng bata, at
- Hindi maaari, sa pagpapasiya ng hukuman o opisyal ng pagdinig, na bawasan o ipagkait dahil sa hindi pagkakaloob ng nasabing paunawa kung:
    - Ang magulang ay mangmang at hindi makapagsulat sa Ingles, o
    - Ang pagsunod sa paunawa gaya ng inilarawan sa itaas ay malamang na magbunga ng pinsala sa katawan o seryosong pinsala sa damdamin ng bata.

Paglipat ng mga Karapatan ng Magulang sa Edad ng Mayoriya

Sa Maryland, ang karapatan ng magulang ay hindi nalilipat sa mga batang may kapansanan kapag umabot ang bata sa edad ng mayoriya, maliban lamang sa limitadong pangyayari.

Sa ilalim ng batas ng Maryland, sa mga limitadong pangyayari, lahat ng karapatan ng magulang sa ilalim ng IDEA ay dapat ilipat sa isang batang may kapansanan. Ang paglipat na ito ay nangyayari kapag ang bata ay umaabot sa edad na 18, kung ang bata ay hindi ipinasiyang walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado at may dokumentasyon na:

- Ang mga magulang ay wala o hindi kilala, at ang bata ay humihiling na ang mga karapatan ng magulang ay ilipat sa bata sa halip na maghirang ng isang kahaliling magulang;

- Ang mga magulang ay hindi lumahok sa paggawa ng kapasyahan sa espesyal na edukasyon para sa bata pagkaraan ng paulit-ulit na pagtatangka ng pampublikong ahensiya na palahukin ang mga magulang sa nakaraang taon;

- Ang mga magulang ay sadyang tumangging lumahok sa paggawa ng kapasyahan sa espesyal na edukasyon;

- Ang mga magulang ay hindi makakalahok sa paggawa ng kapasyahan sa espesyal na edukasyon dahil sa matagal na pagkakaospital, pagtigil sa institusyon, malubhang sakit o kawalan ng kakayahang kumilos ng isa o parehong mga magulang at ang mga magulang ay pumayag na ilipat ang mga karapatan ng bata;

- Ang mga magulang ay hindi makakalahok sa paggawa ng kapasyahan sa espesyal na edukasyon dahil sa hindi pangkaraniwang mga pangyayari na wala sa kanila ang pagpipigil, at ang mga magulang ay nagpahintulot ng paglipat ng mga karapatan sa bata; o

- Ang bata ay nakatira sa labas ng bahay ng mga magulang at wala sa pangangalaga o pag-iingat ng ibang pampublikong ahensiya.

Kung ang mga magulang ng isang batang may kapansanan, na kasama na bata sa tirahan, ay hindi sumang-ayon sa paglipat ng mga karapatan ng bata na nasa edad na 18, at ang bata ay hindi ipinasiyang walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado, alinmang partido ay maaaring magharap para sa angkop na paraan ng pagdinig upang pagpasiyahan kung ang mga karapatan ay dapat ilipat.

Kung ang isang batang may kapansanan ay kinakatawan ng isang kahaliling magulang alinsunod sa mga pederal at pang- Estadong batas at regulasyon, ang pampublikong ahensiya ay dapat magkaloob ng anumang nakasulat na paunawa na iniaatas sa ilalim ng mga pederal at pang-Estadong batas at regulasyon sa parehong bata at ng kahaliling na magulang. Lahat ng ibang mga karapatan ng kahaliling na magulang sa ilalim ng IDEA ay dapat ilipat sa bata kung ang bata ay hindi ipinasiyang walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado **at** ang bata ay humiling na ang mga karapatan ay ilipat sa kanya.

Paglutas ng mga Di-Pagkakasundo

Ang mga sumusunod na alintuntunin ay naglalarawan ng mga pamamaraang magagamit ng mga magulang at ng mga pampublikong ahensiya sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo tungkol sa espesyal na programang pang-edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Ang mga mapagpipilian ay kinabibilangan ng pamamagitan, pagsampa ng reklamo sa Estado, at reklamong angkop sa pamamaraan.

Pamamagitan

Ang pamamagitan ay isang pamamaraan na maaaring gamitin sa paglutas sa hindi pagkakasundo ng mga magulang ng batang may kapansanan at ang pampublikong ahensiya na may katungkulan sa edukasyon ng bata.

Ang tauhan sa Tanggapan ng mga Pandinig na Pampangasiwaan (OAH) na may kakayahan at bihasa sa mabisang paraan ng pamamagitan, ay nagsasagawa ng pamamagitan. Ang isang indibidwal na pinili ng OAH ay hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na kasalungat na pagkagusto.

- Ang paraan ng pamamagitan ay walang bayad sa magulang o sa pampublikong ahensiya na namamahala sa edukasyon ng bata, kasama na dito ang bayad sa pulong sa mga magulang upang himukin sila sa paraang pamamagitan.

- Ang paghingi ng pamamagitan ay ginagawa sa pampublikong ahensiya na namamahala sa edukasyon ng bata at ng OAH. Upang matulungan ang mga magulang sa pagsampa at humingi ng pamamagitan, ang porma ay makukuha sa pampublikong ahensiya at sa MSDE website sa www. Marylandpublicschools.org. Para sa kaukulang tulong, makipag-ugnayan sa tanggapan ng espesyal na edukason ng pampublikong ahensiya o sa Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyong Maagang Pamamagitan ng MSDE sa (410) 767-7770.

- Ang mga magulang o pampublikong ahensiya ay maaaring samahan at payuhan ng abugado sa panahon ng pamamagitan

- Ang pamamagitan ay itatakda upan ganapin sa loob ng 20 araw pagkaraang matanggap ang nakasulat na kahilingan sa lugar na maginhawa sa mga magulang at sa pampublikong ahensiya.

- Ang mga sesyon ng pamamagitan ay mga pamamaraang sarado sa publiko. Ang mga talakayang nangyari sa panahon ng pamamagitan ay dapat na maging lihim at hindi magagamit bilang ebidensiya sa anumang kasunod na angkop sa paraan ng pagdinig o aksyong sibil. Ang mga magulang o ang pampublikong ahensiya ay maaaring papirmahin sa isang pangako ng paglilihim bago simulan ang pamamagitan.

- Ang kasunduang nabuo ng mga partido sa di-pinagkasunduan na paraan ng pamamagitan ay dapat ilagay sa isang nakasulat na pagsang-ayon na maaaring ipatupad sa kung saan mang Hukoman ng Estado na may kapangyarihan sa pagdinig ng ganitong uri ng kaso o sa pederal na hukom ng distrito.

- Hindi maaaring gamitin ng isang pampublikong ahensiya ang pamamaraang pamamagitan upang pigilan o antalahin ang karapatan ng magulang sa pagdinig sa kanilang reklamo sa angkop na pamamaraan.

Pulong Upang Himukin ang Pamamagitan

Ang pampublikong ahensiya ay maaaring mag-alok sa mga magulang na ayaw gumamit ng pamamaraan sa pamamagitan, na magpulong sa isang lugar at sa oras na maginhawa sa magulang, upang ipaliwanag ang mga benepisyo ng pamamaraan ng pamamagitan at himukin ang mga magulang na gamitin ang pamamaraang ito.

Pagkakaiba ng Reklamo sa Estado at Reklamo sa Angkop na Pamamaraan

Kasama sa pamamagitan, ang mga magulang ay mayroong karapatang gamitin ang pamamaraang pagsampa ng reklamo sa Estado o reklamo sa angkop na pamamaraan upang malutas ang hindi pagkakasundo sa pampublikong ahensiya. Magkakaiba ang mga patakaran ng mga pagpipilian at mga pamamaraan.

Magkaiba ang alituntunin sa IDEA ang pamamalakad sa reklamo sa Estado at sa pamamalakad sa reklamo na angkop sa pamamaraan. Ang mga regulasyon sa IDEA ay magkaiba sa pamamaraan. Sa pagpapaliwanag sa ibaba, ang sinumang indibidwal o organisasyon ay maaaring magsampa ng reklamo sa Estado sa isang paglabag na gawa ng isang pampublikong ahensiya sa anumang pangangailangan ng IDEA. Ang magulang o ang pampublikong ahensiya lamang ang maaaring magsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan o anumang bagay na may kinalaman sa pagkilala, pagsusuri o paglalagay sa edukasyon ng batang may kapansanan, o ang probisyon ng walang bayad na pampublikong edukasyon (FAPE) para sa bata.

Kailangang lutasin ng tauhan ng MSDE ang reklamo sa Estado sa loob ng takdang panahon na 60 araw ng kalendaryo, maliban kung ang takdang panahon ay maayos na binigyan ng palugit. Kailangang pakinggan ng ALJ ang reklamong angkop sa pamamaraan (kung hindi napagpasyahan sa pulong o sa pamamagitan) at magbigay ng kapasyahang nakasulat sa loob ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng takdang panahong pagpapasya maliban kung ang ALJ ay magbigay ng kaukulang palugit sa takdang panahon sa paghingi ng magulang o ng pampublikong ahensiya.

Para sa kabuuan at paghahambing sa mga mapagpipiliang ito, tignan ang Kalakip sa dokumentong ito.

Reklamo sa Estado

May karapatan ang mga indibidwal at mga organisasyon na magsampa ng Reklamo sa Estado sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (MSDE). Upang and Estado ay makagawa ng pagsisiyasat, kailangan na ang nakasulat na reklamo ay tumutugon sa kaukulang pamantayan na kinakailangan sa alituntunin ng IDEA.

Kung ang isang indibidwal o isang organisasyon ay naniniwala na ang pampublikong ahensiya ay lumabag sa batas pederal o batas ng Estado o regulasyon tungkol sa kinakailangan ng MSDE, o kaya ang pampublikong ahensiya ay hindi pa nakakapagbigay ng kapasyahan sa pagdinig sa angkop na pamamaraan, maaari silang magsampa ng reklamo. Ang reklamo ay kailangang maisampa sa MSDE at dapat itong mapadala sa Pangalawang Superentende ng Estado, Dibisyon ng Espesyal an Edukasyon/Mga Serbisyo para sa Maagang Pamamagitan (Assistant State Superintendent, Division of Special Education/Early Intervention Services), MSDE, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201. Ang indibidwal o organisasyon na nagsampa ng reklamo sa Estado sa MSDE ay kailangan ding magbigay ng kasabay na kopya ng reklamo sa pampublikong ahensiya. Upang matulungan sa pagsampa ng reklamo, ang detalyadong alituntunin at porma ay makukuha sa MSDE website sa www.marylandpublicschools.org, o sa pagtawag sa División ng Pagsisiyasat sa Reklamo at Sangay ng Angkop na Pamamaraan (Division's Complaint Investigation and Due Process Branch) sa 410-767-7770.

Ang reklamo sa Estado ay nangangailangan ng:

- Salaysay na nagsasabi na ang pampublikong ahensiya ay lumabag sa mga alituntunin ng batas pederal o Estado o regulasyon;
- Mga patotoo kung saan nanggaling ang salaysay;
- Pirma at pakikipanayam na impormasyon sa indibidwal/organisasyon na nagsampa ng reklamo sa Estado, at
- Kung and reklamo sa Estado ay naninindigan sa paglabag na may kinalaman sa isang bata:

- Ang pangalan at tirahan ng bata;

- Pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;

- Sa kaso ng batang walang tirahan, ang impormasyon kung saan maaaring kapanayamin ang bata, at ang pangalan ng paaralang pinapasukan;

- Paglalarawan ng uri ng suliranin ng bata, kasama na rito ang mga patotoo na may kinalaman sa suliranin; at

- Panukalang kapasyahan sa suliranin na abot sa kaalaman na maaring magamit ng partido sa panahong pagsampa ng reklamo.

Ang isang reklamo sa Estado ay kailangang pinanindigang paglabag at ito ay dapat nangyari sa hindi humigit sa isang taon na ang nakalipas bago matanggap ng Estado ang reklamo. Ibibigay ng MSDE ang kapasyahan sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng reklamo sa Estado, at maaaring lumampas ito sa 60 araw sa takdang panahon kung:

- Nagkaroon ng pambihirang pangyayari na nauukol sa reklamo; o

- Ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay kusang nagkasundo na pahabain ang palugit upang masubukan ang pamamagitan o alternatibong paraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan.

Sa pinaka-mababa, ang MSDE ay kailangang:

- Magsagawa ng malayang pagsusuri sa lugar na pinangyarihan, kung ito ay napatunayang kailangan;

- Bigyan ang nagsampa ng reklamo ng pagkakataon na magbigay ng iba pang impormasyon, sa pananalita o sa pagsulat, ukol sa pinaninindigang reklamo sa Estado;

- Pagrepaso sa lahat ng may kinalamang impormasyon at gumawa ng malayang pag-alam kung ang pampublikong ahensiya ay lumabag sa mga alituntunin ng batas pederal o batas ng Estado ; at

- Magpalabas ng isinulat na kapasyahan sa nagreklamo at sa pampublikong ahensiya na tumatalakay sa bawat pinapanindigang reklamo at naglalaman ng patotoo at kapasyahan.

Kasama sa kapasyahan ang mga katwiran para sa pang-wakas na kapasyahan at pamamaraan para sa mahusay na pagsasakatuparan ng pangwakas na kapasyahan. Kung kailangan, kasama na dito ang mga gawaing teknikong pag-alalay, pag-uusap, at pagtutuwid ng pagkilos upang makamit ang pagpapatupad. Kung napagtibay ng MSDE na ang pampublikong ahensiya ay nabigo sa pagbibigay ng kaukulang serbisyo, ang pangwakas na kapasyahang nakasulat ay kailangang tumugon kung paaano magagampanan ng isang pampublikong ahensiya ang mga serbisyong hindi nito ipinagkaloob na kinakailangan ng bata, at angkop na serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng mga batang may mga kapansanan.

Paglutas ng Isang Reklamo sa Estado

Maaaring makakuha ng pamamagitan at iba pang mababang pormal na pamamaraaan sa paglutas ng hindi pagkakasundo at ito ay iniuudyok. Kapang napagpasyahan ng mga partidos ang reklamo, hindi na kailangan ng MSDE ang gumawa ng imbestigasyon sa ilalim ng regulasyong pederal.

Paglutas ng Isang Reklamo sa Estado na Angkop sa Pamamaraang Pagdinig

Kung ang MSDE ay tumanggap ng isang nakasulat na reklamo na bahagi rin ng isang angkop na pamamaraan ng pagdinig, o kung ang isang nakasulat na reklamo ay naglalaman ng maraming usapin na isa o higit na bahagi ng pagdinig, ang MSDE ay dapat magtabi ng anumang bahagi ng reklamo sa Estado na hinaharap sa angkop na pamamaraan ng pagdinig hanggang sa matapos ang pagdinig dito. Gayunman, anumang usapin sa reklamo na hindi bahagi ng angkop na paraan ng pagdinig ay dapat lutasin sa takdang-panahon at mga pamamaraan na inilarawan sa itaas. Kung ang isang usapin sa isang reklamo sa Estado na dating pinagpasiyahan sa isang angkop na pamamaraan ng pagdinig, na kinasasangkutan ng mga dating partido, ang kapasyahan sa pagdinig ay may-bisa, at dapat ipagbigay-alam ito ng MSDE sa nagreklamo.

Reklamo sa Angkop na Pamamaraan

Ang magulang o ang pampublikong ahensiya ay maaaring magsampa ng reklamo sa angkop na pamamaraan sa anumang bagay na may kinalaman sa pagkilala, pagsusuri o paglalagay sa edukasyon, o ang pagbibigay ng walang bayad at naaangkop na edukasyong pampubliko (FAPE) sa isang bata.

Kailangang panindigan sa reklamong angkop na pamamaraan ang paglabag na nangyari sa hindi lalampas sa dalawang taon bago nalaman ng magulang o ng pampublikong ahensiya o dapat na kaalaman tungkol sa pinapanindigang pagkilos na bumubuo sa basihan ng reklamong angkop na pamamaraan.

Itong itinakdang panahon ay hindi angkop kapag ang magulang ay walang kakayahang magsampa ng reklamo sa angkop na pamamaraan sa loob ng itinakdang panahon dahil sa ang pampublikang ahensiya ay hindi binigyan ng tunay na kalagayan sa pagsasabing naibigay na ang tamang kasagutan sa mga paksang tinukoy sa reklamong angkop na pamamaraan, o pagbinbin ng pampublikong ahensiya ang impormasyon na galing sa magulang na kailangang ibigay sa ilalim ng IDEA.

Sa pagsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan, ang magulang o ang pampublikong ahensiya (o ang abugado ng magulang o abugado ng pampublikong ahensiya) ay dapat ipaalam ang reklamong angkop sa pamamaraan sa kabilang partido at OAH. Kailangan na ang reklamo ay naglalaman ng lahat ng nakaulat sa ibaba at dapat na ituring itong lihim.

Upang matulungan ang mga magulang sa pagsasampa ng reklamong angkop sa pamamaraan, ang porma sa Pamamahala ng Paghingi ng Pamamagitan at Angkop na Pamamaraan (Request for Mediation and Due Process Control Form) ay makukuha sa pampublikong ahensiya kung saan pumapasok na paaralan ang bata at sa MSDE website sa www.marrylandpublicschools.org. Sa karagdagang tulong, makipanayam sa tanggapan ng pampublikong ahensiya ng espesyal na edukasyon o sa MSDE Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/ Mga Serbisyo sa Maagang Pamamagitan sa (410) 767-7770.

Nilalaman ng Reklamo sa Angkop na Pamamaraan

Ang reklamo sa angkop na pamamaraan ay nangangailangan ng:

- Pangalan ng bata;
- Direksiyon ng tirahan ng bata (o, para sa isang batang walang tirahan, impormasyon tungkol sa matatawagan);
- Pangalan ng paaralan kung saan pumapasok ang bata;
- Pangalan ng pampublikong ahensiya na may katungkulan para sa edukasyon ng bata (i.e. local na sistema ng paaralan);
- Isang paglalarawan ng suliranin ng bata na may kaugnayan sa iminungkahi o tinangihang pagsisimula o pagbabago, kabilang ang mga katotohanan na may kinalaman sa suliranin; at
- Isang iminungkahing paglutas ng suliranin kung alam at makukuha ng partido sa panahon ng reklamo.

Ang magulang o ang pampublikong ahensiya ay maaaring hindi magkaroon ng angkop na pamamaraan ng pagdinig hanggang ang magulang o ang pampbulikong ahensiya (o ang abugado ng magulang o ang abugado ng pampublikong ahensiya), ay nagsampa ng reklamong angkop na pamamaraan kabilang na ang impormasyong ito.

Kasagutan sa Reklamong Angkop na Pamamaraan

Kapag ang isang partido ay nagsampa ng reklamong angkop na pamamaraan, ang pampublikong ahensiya na may katungkulan para sa edukasyon ng bata ay dapat:

- Ipaalam sa magulang ang walang bayad o mababang bayad sa legal o iba pang kaugnay na serbisyong makukuha;
- Bigyan ang magulang ng isang kopya ng dokumento sa pananggalang na pamamaran, at

- Ipaalam sa magulang na maaaring gamitin ang paraang pamamagitan.

Kung ang pampublikong ahensiya ay hindi nagpadala ng paunang nakasulat na paunawa sa mga magulang tungkol sa mga paksa na inilabas ng magulang sa paunawa ng paghiling ng angkop na paraan ng pagdinig, ang pampublikong ahensiya ay dapat, sa loob ng 10 araw pagkaraan ng natanggap ang paunawa, ipadala sa magulang ang isang sagot na nagtataglay:

- Isang paliwanag kung bakit ang pampublikong ahensiya ay nagmumungkahi o tumatangging gawin ang (mga) pagkilos;

- Isang paglalarawan ng anumang ibang mga mapagpipilian na isinaalang-alang ng pampublikong ahensiya at ang mga dahilan kung bakit ang mga mapagpipiliang ito ay tinanggihan;

- Isang pahayag na ang mga magulang ng isang batang may kapansanan ay nagtataglay ng mga proteksiyon sa ilalim ng mga pananggalang na pamamaraan ng bahaging ito, kung ang paunawang ito ay hindi unang pagrekomenda para sa pagsusuri, ang mga paraan kung paano makukuha ang isang kopya ng mga pananggalang na pamamaraan; at

- Mga tagatulong na matatawagan ng mga magulang upang makakuha ng tulong sa pag-unawa ng mga probisyon ng IDEA.

Ang sagot na ito ay hindi humahadlang sa pampublikong ahensiya na igiit na hindi sapat ang paunawa ng paghiling ng angkop na paraan ng pagdinig kung ito ay angkop.

Ang ibang partido sa reklamong angkop na paraan (magulang o pampublikong ahensiya) ay kailangang padalhan ng kabilang partido ng isang sagot na tumutugon sa mga paksa sa reklamong angkop na pamamaraan, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng reklamo.

Kasapatan ng Paunawa

Ang reklamo sa angkop na pamamaraan ay itinuturing na sapat maliban kung ang partidong tumanggap ng reklamo ay nagpasabi sa OAH at sa ibang partido sa pagsulat sa loob ng 15 araw pagkaraang matanggap ito at ang tumanggap na partido ay naniniwala na ang reklamo sa angkop na pamamaraan ay hindi nakakatugon sa mga iniaatas sa nilalaman. Sa loob ng 5 araw pagkaraang matanggap ang paunawa ng kakulangan, ang OAH ay magpapasiya kung ang reklamo sa angkop na pamamaraan ay nakakatugon sa mga iniaatas sa nilalaman at kaagad na pasabihan ang mga partido sa sulat.

Ang isang partido ay maaari lamang magbago ng paunawa ng paghiling ng angkop na pamamraan ng pagdinig kung ang ibang partido ay sumang-ayon sa sulat at binigyan ng pagkakataon na lutasin ang mga paksa sa pamamagitan ng pulong ng paglutas na nakalagay sa ibaba; o ang OAH ay naggawad ng pahintulot nang hindi lalampas sa 5 araw bago mangyari ang pagdinig. Ang takdang panahon para sa pulong ng paglutas at angkop na paraan ng pagdinig ay muling magsisimula sa paghaharap ng binagong paunawa ng paghiling ng angkop na paraan ng pagdinig.

Katayuan ng Bata sa Panahon ng Pagsasakdal

Sa panahon ng pagkabinbin ng anumang pangangasiwa o pagsasakdal (maliban sa ibinibigay sa ilalim ng seksiyong pandisiplina), maliban lamang kung ang magulang at pampublikong ahensiya ay nagkasundo, ang bata ay kailangang manatili sa kanyang kasalukuyang kinalalagyan sa edukasyon. Kung ang pagsasakdal ay may kinalaman sa unang kahilingan para sa paunang pagkatanggap sa pampublikong paaralan, ang batang pinapayagan ng magulang, ay kailangang mailagay sa pampublikong programa hanggang matapos ang lahat ng pagsasakdal. Kapag ang kapasyahan ng ALG ay pumapanig sa magulang na ang pagpapalit ng kinalalagyan ay naaangkop, ang paglalagay na iyon ang magiging kasalukuyang kalalagyan ng bata sa panahong nakabinbin ng sumusunod pang apela.

Pamamaraan ng Paglutas

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkaraang matanggap ang reklamo sa angkop na pamamaraan, at bago ang pagsisimula ng pagdinig, ang pampublikong ahensiya ay kailangang magsagawa ng isang pulong sa mga magulang at

ng kaugnay na mga kasapi ng pangkat ng IEP na may ispesipikong kaalaman sa mga katotohanan na tinukoy sa reklamo ng magulang ukol sa angkop na pamamaraan. Ang pulong ay :

- Kailangang magsama ng kinatawan ng pampublikong ahensiya na mayroong katungkulan sa paggawa ng desisyon sa ngalan ng pampublikong ahensiya, **at**

- Maaaring hindi magsama ng abugadong kumakatawan sa pampublikong ahensiya maliban kung ang magulang ay may dalang abugado.

Ang magulang at ang pampublikong ahensiya ang magtatakda kung sino ang may kaugnayang kasapi ng pangkat ng IEP ang maaaring sumali sa pulong.

Ang layunin ng pulong ay para sa magulang upang talakayin ang reklamo sa angkop na pamamaraan at ang mga katotohanan na bumubuo ng basehan ng reklamo, upang ang pampublikong ahensiya ay magkaroon ng pagkakataon na lutasin ang hindi pagkakasundo.

Hindi kailangan ang pulong ng pagpapasya kung:

- Ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundo sa kasulatan na hindi kailangan ang pulong;

- Ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundong subukan ang pamamagitan; o

- Ang pampublikong ahensiya ang nagpasimula sa reklamo sa angkop na pamamaraan.

Kapag hindi nalutas ng pampublikong ahensiya ang reklamo sa angkop na pamamaraan sa kasiyahan ng magulang sa loob ng 30 araw ng pagtanggap ng reklamo, ang angkop na pamamaraan ng pagdinig ay maaaring mangyari.

Ang 45 araw ng kalendaryo na takdang panahon para sa pagbibigay ng pangwakas na kapasyahan ay nagsisimula sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryo ng pagsasagawa ng kasunduan, maliban kung isa sa mga pangyayaring inilarawan sa ibaba sa "Pagsasaayos sa 30 Kalendaryong Araw na Panahon ng Pagpapasya" o ang seksiyon ng "Pinabilis na Takdang Panahon" ang iiral.

Pagsasaayos sa 30 Kalendaryong Araw na Panahon ng Pagpapasya

Maliban kung ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundo na bigyan ng palugit ang pamamaraan sa kapasyahan, iurong ang pamamaraang sa kapasyahan, o gamitin ang pamamagitan, ang pagkabigo ng magulang na sumali sa pulong ng pagpapasya ang aantala sa takdang panahon para sa pamamaraan ng kapasyahan at sa pagdinig sa angkop na pamamaraan hanggang sa maidaos ang pulong.

Kung, sa kabila ng makatwirang pagsisikap at pagdokumento sa pagsisikap na ito, hindi makuha ng pampublikong ahensiya ang pagsali ng magulang sa pulong ng pagpapasya, ang pampublikong ahensiya ay maaaring, sa katapusan ng 30 araw ng kalendaryong takdang panahon para sa pagpapasya, hingin sa ALJ na pawalang-saysay ang reklamong angkop na pamamaraan. Ang dokumentasyon ng pampublikong ahensiya sa pagsisikap nitong ginawa ay kailangang may kasamang talaan ng mga pagtatangkang makakuha sa isat-isa ng mapagkakasunduang panahon at lugar, katulad ng:

- Detalyadong talaan ng mga ginawan o binalak na tawag sa telepono at ang naging resulta ng mga tawag na ito;
- Kopya ng mga sulat na ipinada sa magulang at anumang kasagutang natanggap; at
- Detalyadong talaan ng mga pagbisitang ginawa sa bahay ng magulang o lugar ng trabaho at ang mga naging resulta sa mga pagbisitang ito.

Kapang ang pampublikong ahensiya ay hindi nagkaroon ng pulong ng pagpapasya sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng paunawa ng magulang ukol sa reklamo sa pamamaraan, **o** hindi pagsali sa pulong ng pagpapasya, maaaring hingin ng magulang na ang pagdinig ay umpisahan at ibigay ang kapasyahan sa loob ng 45 araw ng kalendaryo.

Kapag ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundo sa kasulatan na iurong ang pulong ng kapasyahan,

Ang 45 araw ng kalendaryong takdang panahon para sa pagdinig sa angkop na pamamaraan ay magsisimula sa araw na kasunod.

Pagkatapos magsimula ang pamamagitan o pulong ng kapasyahan at bago matapos ang 30 araw ng kalendaryo para sa panahong ng kapasyahan, kapag ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay magkasundo sa kasulatan na hindi maaaring mangyari ang kasunduan, ang 45 araw ng kalendaryong takdang panahon para sa pagdinig sa angkop na pamamaraan ay magsisimula sa araw na susunod.

Kapag ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundo na subukan ang pamamagitan, sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, ang magkabilang partido ay maaaring magkasundo sa kasulatan na ipagpatuloy and pamamaraang pamamagitan hanggang sa humantong sa pagkakasunduan. Ngunit kung isa sa magulang o ang pampublikong ahensiya ay uurong sa pamamaraang pamamagitan, ang 45 araw ng kalendaryong takdang panahon para sa angkop na pamamaraan ay magsisimula sa araw na susunod.

Kasunduan ng Kapasyahan

Kapag ang kapasyahan sa isang hindi pagkakasundo ay nakamit sa pulong ng kapasyahan, ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay kailangang pumasok sa isang legal at may bisang kasunduan na:

- Pirmado ng magulang at ng kinatawan ng pampublikong ahensiya na mayroong karapatang ipatupad ang kasunduan; **at**
- Maaaring ipatupad sa alinmang hukuman sa Estado na may saklaw na kakayahan (hukuman ng estado na mayroong kapangyarihan na makinig sa ganitong klase ng kaso) o sa distritong hukoman ng pederal.

Kapag ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay nagkasundo sa bunga ng pulong ng kapasyahan, ang sinumang partido ay maaaring mag-urong ng kasunduan sa loob ng tatlong (3) araw ng kalakal.

Pagdinig sa Angkop na Pamamaraan

Ang magulang o ang pampublikang ahensiya na kasangkot sa hindi pagkakaunawaan ay mayroong pagkakataong magkaroon ng isang impartial na angkop na paraan kapag nagsasampa ng reklamong angkop na paraan.

Ang Hukom sa Batas sa Pangangasiwa (ALJ) ay :

- Isang tauhan ng Tanggapan ng Pangasiwaang Pagdinig;
- Walang personal o propesyonal na pagkagusto na sumasalungat sa adhikain ng pagdinig;
- Ay maalam at naiintindihan ang mga probisyon ng IDEA, at pamamaraan ng Estado at pederal na tumutukoy sa IDEA, at legal na pagpapakahulugan ng IDEA; at
- May kaalaman at abilidad na mamuno sa mga pagdinig, at gumawa at sumulat ng mga kapasyahan, hindi pabagu-bago at angkop sa pamantayang legal na kaugalian;

Paksa ng Reklamo sa Angkop na Pamamaraan

Ang partido (ang magulang o ang pampublikong ahensiya) na nagsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan ay maaaring hindi magsabi ng mga paksa sa pagdinig sa angkop na pamamaraan na hindi natalakay sa reklamong angkop na pamamaraan, maliban lamang kung ang kabilang partido ay sumasang-ayon.

Mga Karapatan sa Pagdinig

Alinmang partido sa isang angkop na pamamaraan ng pagdinig (kasama dito ang pagdinig s pamamarang pangdisiplina ng IDEA) ay may karapatan na:

- Kumatawan sa sarili o katawanin ng abogado sa pagdinig sa angkop na pamamaraan alinsunod sa Pamahalaang Estado, Artikulo §9-1607.1, Anotasyong Kodigo ng Maryland;

- Samahan at payuhan ng abugado at ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga suliranin ng mga batang may mga kapansanan;

- Magharap ng ebidensiya at harapin, tanungin, at ipilit ang pagdalo ng mga testigo;

- Ipagbawal ang pagpapasok ng anumang ebidensiya sa pagdinig, na hindi isiniwalat sa partido nang hindi kukulangin sa limang (5) araw ng trabaho bago ang pagdinig;

- Kumuha ng isang nakasulat, o sa kagustuhan ng mga magulang, nasa elektroniko, talaan ng bawat salitang ginamit sa pagdinig; at

- Kumuha ng isang nakasulat, o sa kagustuhan ng mga magulang, nasa elektronikong talaan ng pagkatuklas ng katotohanan at mga kapasyahan.

Karagdagang Alintuntunin sa Pagbibigay ng Impormasyon

Bago lumampas ang limang (5) araw ng kalakal bago isagawa ang pagdinig sa angkop na pamamaraan, ang magulang at ang pampublikong ahensiya ay kailangang maglantad sa isat-isa ng lahat ng pagsusuri na natapos sa petsang iyon at ang mga kapasyahan base sa mga pagsusuring ito na binabalak gamitin ng magulang o ng pampublikong ahensiya sa pagdinig.

Ang ALJ ay maaaring humadlang sa sinumang partido na magharap ng kaukulang pagsusuri o payo sa pagdinig na walang pagsang-ayon ang kabilang partido kung hindi sila sumunod sa mga hinihinging ito.

Karapatan ng Magulang

Karapatan ng magulang na:

- Ang bata ay naroroon
- Bukas sa publiko ang pagdinig; at
- Magkaroon ng talaan sa pagdinig, ang pagkatuklas sa katotohanan, at ang mga kapasyahang ibinigay sa iyo na walang bayad

Kapasyahan sa Pagdinig

Ang kapasyahan ng ALJ kung ang bata ay nakatanggap ng FAPE ay kailangang ibase sa tunay na pangyayari. Sa mga bagay na nagpaparatang ng paglabag sa pamamaraan, ang ALJ ay maaaring magpasiya na ang bata ay hindi nakatanggap ng FAPE sa tanging sapat na kakulangan sa pamamamaraan at ito ay:

- Nakakahadlang sa karapatan ng bata sa FAPE;

- Humadlang sa pagkakataon ng mga magulang na lumahok sa pamamaraan ng paggawa ng pasya tungkol sa pagkakaloob ng FAPE sa anak ng mga magulang; o

- Naging sanhi ng pagkakait ng benepisyong pang-edukasyon

Wala sa mga probisyong inilarawan sa taas ang maituturing na makakapaghinto sa ALJ na mag-atas sa isang pampublikong ahensiya na sumunod sa mga alituntuning kinakailangan sa seksiyon sa pananggalang na pamamaraan ng regulasyong pederal sa ilalim ng Parte B ng IDEA (34 CFR 300.500 hanggang 300.536).

Hiwalay na Reklamo sa Angkop na Pamamaraan

Wala sa seksiyon ng pananggalang na pamamaraan ng IDEA ang pumipigil sa magulang na magsampa ng hiwalay na reklamo sa isang paksang angkop sa pamamaraan, na hiwalay din sa reklamong angkop sa pamamaraang naisampa na.

Mga Takdang Panahon at Kaluwagan ng Pagdinig

Sa hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo matapos ang 30 araw na palugit para sa mga pulong ng pagpapasya, o sa pagkakalarawan sa ilalim ng "Pagsasaayos sa 30 araw ng Kalendaryo na Panahon ng Pagpapasya" o "Pagpapabilis sa Takdang Panahon", na hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng itinamang takdang panahon;

- Ang isang pang-wakas na kapasyahan ng pagdinig ay narating; at
- Isang kopya ng kapasyahan ay ipinadala sa bawat partido.

Maaaring magbigay ang ALJ ng takdang palugit na panahong lampas sa 45 araw ng kalendaryo sa pakiusap ng sinumang partido. Kailangan na ang bawat pagdinig ay mangyari sa oras at lugar na maginhawa sa magulang at sa bata.

Pagpapabilis sa mga Nakatakdang Panahon

Ang pampublikong ahensiya ay may pananagutan sa pag-ayos ng pagpapabilis ng pagdinig sa angkop na pamamaraan kapag ang reklamong angkop na pamamaraan ay isinampa sa ngalan ng batang may kapansanan na tumutukoy sa:

- Isang batang may kapansanan na kasalukuyang hindi nakatala o pumapasok sa paaralan;
- Paglalagay ng batang may kapansanan sa isang pansamantalang pamimiliang lugar sa edukasyon; o
- Pag-alam sa mga nakikita

Ang pagdinig ng angkop na pamamaraan ay kailangang mangyari sa loob ng 20 araw ng paaralan mula sa petsang isinampa ang reklamo. Kailangan na ang ALJ ay gumawa ng pagpapasya sa loob ng 10 araw ng paaralan matapos ang pagdinig. Ang isang pasyang pagpupulong ay kailangang mangyari sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng paunawa sa reklamong angkop na pamamaraan at ang pagdinig ng angkop na pamamaraan ay maaaring magpatuloy maliban kung ang bagay na ito ay naayos na at sa kasiyahan ng magkabilaang partido sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagkatanggap ng reklamo ukol sa angkop na pamamaraan.

Pangwakas na Kapasyahan ng Pagdinig

Ang kapasyahan ng ALJ ay pangwakas (final) maliban kung may paghahabol na ginawa ang sinuman sa magulang o pampublikong ahensiya. Ang sinumang partidong natalo sa kinahinatnan ng kapasyahan ay mayroong karapatang magsampa ng aksiyong sibil alinsunod sa reklamong inihain sa pagdinig ng angkop na pamamaraan.

Paghahabol

Sinumang partido sa pagdinig na hindi sumasang-ayong sa mga kapasyahan at desisyon ay may karapatan na maghabol sa pamamagitan ng pagsampa ng aksiyong sibil saan mang hukom sa Estado na may saklaw na kakayahan o sa distritong hukom ng Estados Unidos na walang kinalaman ang halagang nasa pinagtatalunan sa loob ng 120 araw mula sa pagbigay ng kapasyahan ng ALJ.

Sa anumang aksiyong sibil, ang hukuman ay:

- Tatanggap ng talaan ng mga pangasiwaang pamamaraan;
- Makikinig sa karagdagang ebidensiya sa kahilingan ng magulang o sa kahilingan ng pampublikong ahensiya; at
- Magbibigay ng kapasyahan base sa bigat ng ebidensiya; at
- Magbibigay ng naaangkop na tulong base sa pagtiyak ng hukuman.

Wala sa Parte B ng IDEA ang naghihigpit o nagtatakda ng karapatan, pamamaraan, at remedyo na nasa Saligang-Batas ng Estados Unidos, Ang Batas ng mga Amerikanong may mga Kapansanan ng 1990, Titulo V ng Batas Rehabilitasyon ng 1973 (Seksiyon 504), at iba pang batas pederal na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga batang may kapansanan. Maliban sa, bago magsampa ng aksiyong sibil sa ilalim ng mga batas na ito, dapat na ang magulang o ang pampublikong ahensiya ay nakaubos na ng lahat ng pamamaraan para sa pagdinig sa angkop na pamamaraan sa OAH. Ang ibig sabihin nito ay maaring mayroong ibang remedyo sa ilalim ng ibang batas na nagkakasanib ng batas sa ilalim ng IDEA, ngunit sa kadalasan, upang makatanggap ng tulong sa ilalim ng mga batas na ito, dapat munang gamitin ng

magulang ang mga administratibong remedyo na mayroon sa ilalim ng IDEA (i.e., reklamo sa angkop na pamamaraan, pulong ng pagpapasya, walang kinakatigang pamamaraan sa pagdinig ng angkop na paraan) bago pumunta kaagad sa hukuman.

Mga Bayad sa Abugado

Sa anumang pagkilos o pamamaraan na kilala sa ilalim ng IDEA 2004, ang hukuman ay maaaring maggawad ng makatwirang pagbabayad sa mg abugado sa:

- Mga magulang o tagapangalaga ng batang may kapansanan na siyang namayaning partido;

- Isang namayaning partido na MSDE o anumang ibang pampublikong ahensiya laban sa abugado o magulang na nagsampa ng reklamo, o kasunod na dahilan ng aksiyon na walang kabuluhan, hindi makatuwiran, o walang pundasyon, o laban sa abugado ng isang magulang na patuloy na naghahabla pagkatapos na ang paghahabla ay naging walang kabuluhan, walang katuwiran, o walang pundasyon; o

- Isang namayaning partido na MSDE o anumang ibang pampublikong ahensiya laban sa abugado o magulang, o laban sa magulang, kung ang reklamo ng magulang o kasunod na sanhi ng pagkilos ay iniharap para sa anumang di-wastong layunin, tulad ng manligalig, hindi kailangang mag-antala, o hindi kailangang itaas ang halaga ng litigasyon.

Ang mga bayad na iginawad ay dapat na batay sa mga halagang namamayani sa komunidad kung saan ang pagkilos ay lumitaw para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ipinagkaloob. Walang dagdag-bayad (bonus) o pangmultiplika na maaaring gamitin sa pagkalkula ng mga bayad na iginawad.

Ang mga bayad ay hindi maaaring igawad sa mga sumusunod na kalagayan:

- Para sa anumang pulong ng Pangkat ng Programang Edukasyong Ibinigay (IE) maliban kung ito ay isinagawa bilang resulta ng angkop na paraan ng pandinig o pagkilos ng hukuman;

- Para sa pamamagitan na isinagawa bago ang paghaharap ng angkop na pamamaraan ng pagdinig;

- Para sa mga pulong na paglutas; at

- Para sa mga serbisyo kasunod ng nakasulat na alok ng pakikipag-ayos sa magulang kung:

    - Ang alok ay ginawa sa loob ng mga takdang panahon sa ilalim ng Tuntunin 68, Pederal na mga Tuntunin sa Pamamaraang Sibil, o sa pamamaraang pampangasiwaan, higit sa sampung araw bago magsimula ang pamamaraan;

    - Ang alok ay hindi tinatanggap sa loob ng sampung araw; at

    - Ipinasya ng hukuman ang kaluwagan na nakuha ng magulang sa pagdinig ay hindi mas pabor sa magulang kaysa alok na pakikipag-ayos. Ang mga bayad at gastos ay maaaring igawad kung ang magulang ay lubos na makatwiran sa pagtanggi sa alok na pakikipag-ayos.

Ang mga bayad ay maaaring bawasan sa mga sumusunod na kalagayan:

- Ang magulang o abugado ng magulang na hindi makatwirang pinatagal sa paglutas ng di-pagkakasundo;

- Ang halaga ng mga bayad ay hindi makatwirang lumampas sa orasang presyo na namamayani sa komunidad para sa katulad na serbisyo o makatwirang maihahambing na kasanayan, reputasyon at karanasan;

- Ang oras at mga serbisyo ay sobra sa kalikasan ng pamamaraan; o

- Ang abugado ay hindi nagkaloob ng angkop na impormasyon sa paghaharap ng paunawa ng paghiling ng angkop na paraan ng pandinig.

Ang mga bayad ay hindi babawasan kung:

- Pinagtagal ng pampublikong ahensiya ang paglutas; o

- May paglabag sa mga iniaatas na pananggalang na pamamaraan.

Dahil ang karapatan ng magulang na mabawi ang mga bayad sa abugado ay nakasalalay sa pagtugon sa mga angkop na kondisyong nakalagay sa IDEA, dapat itong talakayin ng magulang sa kanyang mga abugado.

Kalakip

Paghahambing sa mga Pamamaraan ng IDEA sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo

	PAMAMAGITAN	REKLAMO SA ANGKOP NA PAMAMARAAN	PAMAMARAAN NG PAGLUTAS	REKLAMO SA ESTADO
Sino ang maaaring magpasimula sa pamamaraan?	Magulang o pampublikong ahensiya ngunit ito ay kailangang kaparehong kusang-loob	Magulang o pampublikong ahensiya	Ang pampublikong ahensiya ang nagtatakda ng pulong ng pagpapasya pagkatanggap ng reklamong angkop sa pamamaraan maliban kung ang mga partidos ay nagkasundong pawalang saysay o gumamit ng pamamagitan	Sinumang indibidwal o organisasyon, kasama na dito ang ibang nasa labas ng estado
Ano ang palugit na panahon sa pagsampa?	Walang tinutukoy	2 taon pagkalipas malaman ng partido o dapat nitong nalaman ang problema na may limitadong ekspektasyon [1]	Pagpapasimula ng reklamo ng magulang sa angkop na pamamaraan	1 taong mula sa petsa ng pinanindigang paglabag
Anu-anong mga paksa ang maaaring lutasin?	Anumang bagay sa ilalim ng Parte 300, kasama na dito ang mga bagay na lumabas bago isampa ang reklamo sa angkop na pamamaraan (mayroon ditong hindi kasama)[2]	Anumang bagay na may kinalaman sa pagkilala, pagsusuri o paglalagay ng edukasyon o panustos ng walang bayad sa angkop na edukasyon (mayroon ditong hindi kasama)	Kapareho ng mga paksang binanggit sa reklamo ng magulang ukol sa angkop na pamamaraan	Pinanindigang mga paglabag sa Parte B ng IDEA o Parte 300
Ano ang takdang panahon para malutas ang mga paksa?	Walang tinutukoy	45 araw mula sa hangganan ng panahon ng kalutasan, maliban kung nabigyan ng palugit na panahon [3, 4]	Ang pampublikong ahensiya ay kailangang magdaos ng pulong ng kalutasan sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap sa reklamong angkop na pamamaraan ng magulang, maliban kung ang mga partido ay magkasundo sa kasulatan na iurong ang pulong o magkasundong gumamit ng pamamagitan. Ang panahon ng pagpapasya ay 30 araw mula sa pagkatanggap ng reklamo ng magulang sa angkop na pamamaraan maliban kung ang mga partidos ay magkasundo o ang magulang o ang pampublikong ahensiya ay nabigong sumali sa pulong ng kalutasan o nabigo ang pampublikong ahensiya na tumawag ng pulong ng kalutasan sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap ng reklamo ng magulang sa angkop na pamamaraan[3, 5, 6, 7]	60 araw mula pagkatanggap ng reklamo maliban kung pinapayagang mabigyan ng palugit [8]

Sino ang lulutas sa paksa?	Ang magulang at ang pampublikong ahensiya na may kasamang tagapamagitan Ang pamamaraan ay kusang-loob at ang dalawang partido ay kailangang magkasundo sa anumang kapasyahan	Tagapakinig na Opisyal/ Hukom sa Batas ng Pangangasiwa (ALJ)	Ang magulang at ang pampublikong ahensiya Parehong partido ay kailangang magkasundo sa anumang kapasyahan	Kagawaran ng Edukasyon sa Estado ng Maryland[9]

[1] Ang palugit na panahon ay hindi maaaring gamitin sa isang magulang kung ang magulang ay nahadlangan sa pagsasampa ng reklamong angkop sa pamamaraan dahil sa: (1) tiyakang maling pagpapalabas ng pampublikong ahensiya na nagpapakitang kanyang naayos na ang suliranin at ito ang naging basihan ng reklamong angkop sa pamamaraan; o (2) ang pagtatago ng impormasyong pampublikong ahensiya sa magulang na kailangan sa ilalim ng Parte 300 ng IDEA na ibibigay sa magulang (34 C.F.R. §300.511(f)).

[2] Kasama sa kataliwasang ito: ang pampublikong ahensiya ay maaaring hindi magsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan o gumamit ng pamamagitan upang mapawalang-halaga ang pagtanggi ng magulang sa pagsang-ayon sa unang probisyon ng serbisyong espesyal na edukasyon (34 C.F.R. §300.300(b)(3)); maaaring hindi magsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan o gumamit ng pamamagitan upang mapawalang-halaga ang pagtanggi ng magulang sa pagsang-ayon sa unang pagsusuri o panibagong pagsusuri ng isang batang inilagay ng magulang sa isang pribadong paaralan o batang pinag-aral sa bahay; (34 C.F.R. §300.300(c)(4)(i)); ang karapatan ng mga magulang sa mga batang inilagay sa pribadong paaralan na magsampa ng reklamong angkop sa pamamaraan limitado sa pagkabigo ng pampublikong ahensiya na magampanan ang mga pangangailangan ng bata (34 C.F.R. §300.140); ang pagkabigo ng pampublikong ahensiya na magbigay ng may kakayahang guro ay wala sa paksa na maaaring idaan sa angkop na pamamaraan, kung hindi isang reklamo sa Estado na maaaring isampa sa Ahensiya ng Edukasyon sa Estado [State Education Agency (SEA) (34 C.F.R. §300.156(e)].

[3] Kapag ang reklamong angkop sa pamamaraan ay isinampa sa isang pangmadaliang pagdinig na naaayon sa pandisiplinang pamamaraan, o ang bata ay hindi kasalukuyang nakalista at pumapapasok sa paaaralan, ang panahon ng pagpapasya ay 15 araw sa kalendaryo (at ang pagpupulong ay gaganapin sa loob ng 7 araw). Kapag ang bagay ay hindi naayos sa kasiyahan ng dalawang partido, ang pagdinig ay kailangang mangyari sa loob ng 12 araw ng paaralan mula sa petsang hiningi ang pagdinig at ang kapasyahan ay kailangan ding palabasin sa loob ng 10 araw ng paaaralan matapos ang pagdinig (34 C.F.R. §300.532(c) at COMAR 13A.05.01.15).

[4] Ang may katungkulan sa pagdinig/ALJ ay maaaring magbigay ng partikular na palugit na panahon sa paghingi ng sinumang partido (34 C.F.R. §300.516(c)).

[5] Ang regulasyon ay pumapayag sa akmang 30 araw na panahong pagpapasya. Ang 45 araw na takdang panahon para sa angkop na pamamaraan ay magsisimula sa araw matapos mangyari ang isa sa mga ito: (1) ang dalawang partido ay nagkasundo sa kasulatan na hindi ituloy ang pulong ng pagpapasya; (2) pagkatapos magsimula ang alinman sa pulong ng pamamaraan o pulong ng pagpapasya subalit bago dumating ang hantungan ng 30 araw na panahon, ang mga partido ay nagkasundo sa kasulatan na walang kasunduan ang maaring mangyari; (3) kapag ang dalawang partido ay sumasang-ayon sa kasulatan na ipagpatuloy ang pamamagitan ang pagtatapos ng 30 araw na panahon ng pagpapasya, subalit sa di kalaunan, ang magulang o ang pampublikong ahensiya ay umayaw sa pamamaraang pamamagitan (34 C.F.R. §300.510 (c)).

[6] Ang pagkabigo ng magulang na sumali sa pulong ng pagpapasya ang aantala sa itinakdang panahon para sa pamamaraang pagpapasya at pagdinig ng angkop na pamamaraan hanggang mangyari ang pagpupulong (34 C.F.R. §300.510(b)(3)).

[7] Kapag ang pampublikong ahensiya ay nabigong magdaos ng pulong ng pagpapasya sa loob ng 15 araw mula sa pagkatanggap sa reklamo ng magulang para sa angkop na pamamaraan o nabigo sa pagsali sa pulong ng pagpapasya, maaaring hingin ng magulang ang pakikialam ng ALJ upang maumpisahan ang takdang panahon sa pagdinig ng angkop na pamamaraan (34 C.F.R. §300.510(b)(5)).

[8] Ang takdang panahon sa pagpapasya sa reklamo sa Estado ay maaaring mabigyan ng palugit kung mayroong pambihirang na dahilan ang nauukol sa reklamo, o ang magulang (o indibidwal na organisasyon, kung ang pamamagitan o ibang alternatibong pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan, ay magagamit ng indibidwal o organisasyon sa ilalim ng pamamaraan ng Estado at sumasang-ayon ang pampublikong ahensiya na bigyan ng palugit ang panahon na magkaroon ng pamamagitan o magkaroon ng iba pang mapagpipiliang paraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan, kung ito ay makukuha sa Estado (34 C.F.R. §300.152(b)(1)).

[9] Ang pamamaraan ng MSDE sa reklamo ay nagbibigay sa publiko ng pagkakataon na sumagot sa reklamo, kasama na dito, sa mabuting pagpapasya ng pampublikong ahensiya, ang panukala upang malutas ang reklamo; at isang pagkakataon sa magulang na nagsampa ng reklamo at ng pampublikong ahensiya na magkaroon ng kusang-loob na pamamagitan (34 C.F.R. §300.152(a)(3)). Sa ibang pagkakataon, maaaring malutas ang hindi pagkakaunawan ng nagrereklamo at ng pampublikong ahensiya na hindi nangangailangan para gawin ito ng MSDE.